


*ANG KALUPITAN NG KASALANAN,  
AT ANG MULTA NA DAPAT  
BAYARAN PARA IWAGLIT  
ANG KASALANAN MULA  
SA ATING MGA BUHAY*

 Salamat, Kapatid na Thom. Puwede mo bang itaas nang kaunti pa 'yang kontrolan diyan para mas lumakas pa itong mikropono, kung maaari. Muntikan na po akong magpasya na di na lang sana ako pupunta rito ngayong gabi. Nagkaroon kasi ako ng trangkaso. At ipinangako ko naman na paparito ako. At nagpasabi pa nga ako, kay Kapatid na Neville, na papuntahin sa akin si Kapatid na Cox at para masabi sa kanya. Sabi ko, "Sabihin mo kay Kapatid na Neville na magsimula na't idaos na ang gawain, dahil sobra akong paos ngayon. Kahit kaunti ay wala talagang lumalabas na boses sa akin."

<sup>2</sup> Tapos sabi niya, bumalik nga siya't ang sabi, "Mas mabuti kung makakapunta ka, Kapatid na Bill. Naniniwala ako na mas mainam pa rin 'yun." Kaya, ako—ako naman po ay laging handa na magsakripisyo. Haya't. . . Talagang paos na paos ako para makapangaral sa inyo, pero sige po't kakayanin ko na makapangusap sa inyo kahit kaunti lang, gamit itong maliit na instrumento rito. Ako. . .

<sup>3</sup> Sa tuwina sa tuwing nagpupunta ako ng Indiana, ako po'y napapaos lagi. Di ko po alam kung bakit, pero lagi akong—lagi akong napapaos, sa tuwina, tinatamaan ako ng lamig. Mababa talaga ang temperatura rito. Sa tuwing magpupunta ako rito, hayan nga't parang di ko kayang iwasan 'yun. Ipinapanalangin ko, pero para talagang dinadapuan ako lagi. Pero—pero lagi ko ngang sinisikap na gawin ang abot ng aking makakaya sa ano man ito na natitira pa sa akin. Kaya 'yan po ang sinisikap ko sa tuwina, sa abot ng higit kong makakaya. Yun ang isinasaalang-alang ng Diyos. . . inaasahan, ang ibig kong sabihin, pasensya na po; 'yun ang talagang inaasahan Niya.

<sup>4</sup> Ngayon umaasa ako na—na pagpapalain kayong lahat ng Panginoon at pagkakalooban kayo ng dakilang pagpapala sa kabuoan ng gawain, ngayong Biyernes, Sabado, at Linggo. Ang

mga gawain po'y hanggang ngayong gabi, bukas ng gabi. Tama po ba, Kapatid na Neville? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Oo."—Pat.] Hanggang bukas ng gabi.

<sup>5</sup> Ako po'y mapapadaan lang dito, at pagkatapos ay aalis din at may pupuntahan ako at mangungusap sa isang grupo ng mga misyonero na naparito sa Louisville. Sa tingin ko—sa tingin ko nasa labimpito o dalawampu't pitong bansa ang kinakatawan yata dun sa malaking pagpupulong sa pagmimisyon. Hiniling nila sa akin na kunin ang kaunting minuto doon bukas ng gabi. Ling-. . . Linggo ng umaga 'yung. . .

<sup>6</sup> Ano po 'yun? [May isang lalaki na nagsasabi, "Maaari mo po bang ipanalangin itong lalaking ito rito ngayon?"—Pat.] Sige po't ipatong n'yo ang inyong kamay sa kanya, kapatid.

<sup>7</sup> Makalangit naming Ama, idinadalangin namin sa Pangalan ng Iyong minamahal na Anak, na si Jesus, na sa oras pong ito, na ang Iyong kaawaan ay maiabot sa amin ngayong gabi, sa pamamagitan ng pagpapagaling sa kapatid naming lalaki na ito, sa lalaki pong ito na nakaupo roon na mukhang malubha ang sakit sa oras na ito. Sinabi Mo, "Mangagpahayagan kayo sa isa't isa ng inyong mga pagkukulang, at ipanalangin ang isa't isa upang kayo'y mapagaling." At ako'y nananalangin kasama po ang mga tao rito ngayong gabi, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na Iyong pagagalingin ang kapatid naming ito sa oras na ito. Habang ang isa pa naming kapatid na lalaki'y nakatayo roon na ang kanyang mga kamay ay nakapatong dun sa lalaki, kinakatawan ang kamay ng aming Panginoong Jesus, at kami po'y sama-samang nananalangin ng magkalakip na pagdulog at ipinapaabot namin ang mga ito sa Iyo, sa Pangalan ni Cristo, na ang kapatid naming ito'y mabilis na gumaling mula sa sakit na ito na nakuha niya. Amen.

<sup>8</sup> Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Sige po't bigyan n'yo lang siya ng espasyo para makahinga. Medyo nasisiksik siya diyan nang kaunti. Sige, padaanin n'yo siya. Kung gusto mong makidaan diyan, ginoo, sige po, diretsuhin mo lang 'yan at maupo ka sa likod ng gusali, kung saan mas makakahinga ka nang maigi.

<sup>9</sup> Ngayon, nalalaman ng Panginoong Jesus ang lahat ng ating mga suliranin. Siya ang tagapagpasan ng ating pasanin.

<sup>10</sup> At ngayong Linggo ng umaga, maaga po't, alas sais, ang pagbubukang-liwayway na gawain. Ilan po ang gustung-gusto ang mga pagbubukang-liwayway na gawain tuwing Pasko ng Pagkabuhay? Umaasa tayo sa isang dakilang pagpapala. Kaya hayan nga, kung loobin ng Panginoon, ako ang magdadaos ng pagbubukang-liwayway na gawain; mula alas sais po 'yun hanggang alas siyete. Pagkatapos makakauwi muna kayo para makapag-almusal, tapos babalik. At alas nuwebe y media, ang regular na gawain ng Sunday school, si Kapatid na Neville po

ay narito n'yan. At pagkatapos na pagkatapos ng gawain ng Sunday school, idadaos ko ang gawain ng pagbabautismo para sa mga nagnanais na mabautismuhan, sa umaga ng Linggo ng Pagkabuhay.

<sup>11</sup> Kung di pa kayo nababautismuhan sa pamamagitan ng paglulubog, at may pagnanais kayo; at kayo'y isang Cristiano, na naniniwala sa pagka-Diyos ni—ni Jesus Cristo bilang Anak ng Diyos; at may pagnanais sa inyo na pumuwesto sa inyong—inyong lugar sa pakikipagbuklod, na mabautismuhan, kami nga'y nagagalak na makasama namin kayo rito sa umaga ng Pasko ng Pagkabuhay, nang mga alas diyos y media, para sa paglulubog. Dalhin n'yo ang inyong damit. Kung wala po kayo, hayan nga, sige, lalo na sa mga kababaihan, may mga balabal po sila riyan, na iba't ibang sukat para sa mga kababaihan. Sa tingin ko wala pang ganoon na iba-iba para sa kalalakihan. Pero kami . . . ikagagalak namin na makasama namin kayo rito sa umagang 'yan ng Pasko ng Pagkabuhay.

<sup>12</sup> Pagkatapos sa Linggo ng hapon may gaganapin na gawain para sa paglilibing, para sa isang nakatira sa may labas lang ng estado, o sa kung saan po rito, na . . . Sa pagkakaalala ko ay nakapagbalik-loob rito sa tulong ng pangangaral ni Kapatid na Neville di pa katagalan. Sa pagkakaalala ko ang pangalan niya ay East, o parang ganoon po. May tumawag po sa akin mula dun sa lugar ng pinagbuburulan at tinanong ako kung ako at si Kapatid na Neville at ang ilan pa sa amin ay puwedeng marahil makapunta at makaawit at idaos ang mga gawain ng Linggo ng hapon, nang alas dos, sa Mottaz Funeral Home.

<sup>13</sup> Di ko lang maalala 'yung pangalan nung binibini, East, Yast o East po yata. Marami marahil sa inyo ang nakita na 'yun sa pahayagan, sa tingin ko, ngayong gabi. At . . . [May isang kapatid na babae na nagsasabi, "Kapatid na Bill?"—Pat.] Opo. ["Edna Justice ang pangalan pa niya noon; dumadalo-dalo siya noon dito nang ilang beses."] Edna Justice, siguro maaalala n'yo. Bata pa siya siguro. Di po ba? Tama po ba, kapatid na babae? ["Beinte nuwebe anyos. Uh-huh."] Isa pong batang-bata pang binibini. Sa tingin ko . . . Tinawagan ako nung nanay niya at sinabi nito na naiwan niya ang dalawa o tatlo niyang anak. Nakakalungkot po.

<sup>14</sup> Ipinapakita nga n'yan ang kalupitan nitong—nitong mortal na buhay, di po ba? Pero sa . . . Kung siya'y nakay Jesus Cristo, siya nga'y nasa mas mainam na kalagayan, ngayong gabi, kaysa sa kaninuman na nakaupo rito sa loob ng gusaling ito. Siya'y lumakad lamang sa libis na ito ng anino ng kamatayan na lahat naman ng mga mortal ay lalakad at lalakad dun. At balang araw kayo at ako ay tutugaygay sa daan na 'yun, din, pero di natin tatawarin ang Jordan nang mag-isa, dahil Siya ang atin pong Tagapagligtas. Kaya tayo—tayo . . .

15 Kung gusto n'yong pumunta sa Mottaz Funeral Home, dun po 'yun sa Maple Street, sa pagitan ng Walnut at... Di po pala, sa tingin ko sa may Locust at Wall Street, sa kanan kung kayo po'y papunta ng kanluran. Yung...di ko lang kabisado 'yung kanilang...Ano pong numero nun? [May nagsasabi, "221."—Pat.] 221. Doon po nakapuwesto 'yung dating Scott and Combs Funeral Home, nung bata pa ako. At sa Linggo na po 'yan ng hapon, at alas dos ito.

16 At pagkatapos sa Linggo ng gabi, regular na mga gawain para sa Pasko ng Pagkabuhay sa dako rito uli. Ipapangaral natin siguro ang—ang kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli, para sa Linggo ng gabing 'yan. At di pa lang natin alam kung anong gagawin ng ating Panginoon para sa kasunod na sanlinggo na parating, kung ipagpapatuloy ang mga gawain, o kung ano ba, para sa parating na sanlinggo. Umaasa tayo na lahat kayo'y makakadalo—dadalo rito ng Linggo, sa mga kaya ritong magpunta.

17 Nakikilala ko po ang ilan sa mga mangangaral sa paligid. May nakapagsabi sa akin na si G. Fuller ay narito po raw, na madalas noong...o bumibisita sa ating mga pagtitipon. Narito po kaya siya? Kapatid na Fuller, hindi po ba't kayo 'yung ginoo na dating naghahatid sa akin, sa New York, mula sa isang lugar patungo sa isa pang lugar, doon sa pagtitipon? Ikinagagalak ko na makita ka, Kapatid na Fuller. Pagpalain ka ng Panginoon.

18 Heto rin po na nakikita ko ang isa pang kalugud-lugod na ministro rito na—na di kilala ni Kapatid na Thom. Di ko lang alam ang apelyedo ng lalaking ito, pero alam ko na ang tawag nila sa kanya roon ay Junior. Jackson, Kapatid na Jackson po pala, Junior Jackson, sige't itaas mo lang ang iyong kamay, Kapatid na Jackson. Ikinagagalak nga namin na makasama ka. Taga-roon siya malapit sa Elizabeth, sa simbahan ng Methodist dun, kung saan po ako magdadaos ng isang gawain malapit na, loobin ng Panginoon, bago tayo sumabak muli sa pagmimisyon sa labas.

19 Ngayon may malaking pagtawag nga sa India. At ang lahat po'y tila pabigat nang pabigat, sa pagdaan ng mga araw. Ako po'y ipanalangin n'yo.

20 Ngayon, sa gabing ito, mainam na Biyernes Santo po. Ito po 'yung gabi noong kami'y...Oh, sa tingin ko, sa Jerusalem, sa oras pong ito, nasa...mataas na ang araw ngayon, at Sabado na nang umaga. Pero buong araw, ang mga tao nga'y marahan na lumalakad dun sa siya ring lumang lansangan doon kung saan kumaldag-kaldag ang krus na may naiwang mga duguang bakas sa daanan nung may pasan nung krus; may mga luha nga na inaantig ang kaluluwa nung mga tao, sa paghibik. Marami sa naglalakihang mga katedral, at iba pa, ngayong araw na ito, ang ginugunita ang dakilang oras na ito ng pag-alaala. Kung may

oras nga na dapat ginugunita ng mundong ito, ay ito po 'yun ngayon, sa panahon na ito ng kahapisan.

<sup>21</sup> At iniisip ko kung ang ating kapatid na babae, nakikita ko itong munting, lumang organ dito. . . Gusto ko—gusto ko talaga ang organ. May pagka-makaluma po kasi ako. At iniisip ko—iniisip ko kung puwede tayong makakuha ng isang tipa riyon:

Jesus, panatilihin Mo akong malapit sa krus.

<sup>22</sup> Isa nga 'yan sa maiinam, na makalumang, awiting galing sa puso na gustung-gusto nating awit-awitin maraming taon na ang nagdaan. At iniisip ko kung maaari ba tayong magsabay-sabay riyon. Gustung-gusto ko ito.

Doo'y mayroong bukal na pinakamamahal,  
Wala itong bayad kaninuman, batis na lunas sa  
karamdaman,  
Walang patid na umaagos na mula sa bundok  
ng Kalbaryo'y bumubuhos.

<sup>23</sup> Ilan po ang nakakaalam ng ilang talata mula roon, hayan nga? Sige po, samahan n'yo po ako ngayon. At ngayon nga'y atin nang ikubli ang ating mga sarili sa palibot ng mga tabing, at ilagak ang ating mga isip sa panahon na 'yun labing-siyam na daang taon ang nakalilipas, sa hapong ito. Grabeng Hain! Ang mundo nga'y walang napagtantong gaya nun kailanman. Talagang niyanig ang buong mundo! At ngayon hindi po ba't iniibig n'yo mismong makadulog malapit sa dakong 'yun, kung saan naroon kayo sa dakong 'yun ng pakikipagbuklod at mga pagpapala kasama Siya?

<sup>24</sup> Atin na pong awitin ito ngayon, sa makalumang paraan po, ngayon, hindi. . . sige po't—sige po't sa paraan na inaawit n'yo ito kapag kayo'y mag-isa lang ngayon. Sige po. Kapatid na Thom, puwede mo ba akong tulungan na pangunahan ito, kung maaari? Wala na akong masyadong boses ngayon. At sige lang, sige po. Sige po. [Umaalalay si Kapatid na Robert Thom sa pag-awit ng *Near The Cross*—Pat.]

Jesus, keep me near the cross,  
There a precious fountain,  
Free to all, a healing stream,  
Flows from Calvary's mountain.

In the cross, in the cross,  
Be my glory ever;  
Till my raptured soul shall find  
Rest beyond the river.

<sup>25</sup> Habang iniyuyuko n'yo ang mga ulo n'yo, kung magagawa n'yo, sige po't ating ihiging lang ito nang sadyang marahan ngayon. [Sinimulang ihiging ni Kapatid na Branham at ng kongregasyon ang *Near The Cross*—Pat.]

Near the cross I'll watch. . .  
 Hoping, trusting, ever,  
 Till I reach the golden strand,  
 Just beyond the river.

<sup>26</sup> [Patuloy na inaawit ni Kapatid na Thom nang marahan ang koro uli ng, *Near The Cross—Pat.*]

<sup>27</sup> Binubulay ko kung nais n'yo ngayon na sadyang. . .Wala pong makapagpapangyari nito sa inyo. Binubulay ko kung inyo lamang. . .hindi po ba't nagnanais kayo na ilaan muli ang inyo mismong buhay kay Cristo, at, "Panginoon, alalahanin Mo ako. Lubos ko pong pinasasalamatang ang Iyong. . .pagpapagal, at pagpapakasakit, pagbububo, pagkamatay para sa akin. Ako'y di naman karapat-dapat, pero itataas ko nga ang aking kamay ngayon, Panginoon, at Iyo akong makikita. Ninanais ko na ang buhay ko'y mailaan muli." Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Sige po. "Ninanais ko na ilaan muli ang aking sarili sa Iyo sa mismong sandali na ito, Panginoon, sa gabing ito ng Biyernes Santo." Pagpalain kayo ng Diyos.

<sup>28</sup> Ama, idinadalangin ko na Iyong pagpapalain ang mga ito na nagsipagtaas ng kanilang mga kamay, at maging ang ilan na wala pang sapat na lakas ng loob para gawin 'yun. Dalangin po namin na ang nag-Iisa na may buong-kasapatan, sa gabing ito, ay pagpalain ang bawat isa sa kanila.

<sup>29</sup> Binubulay po namin ang Kalbaryo, Diyos, na ang aming Tagapagligtas, ay nalantad po roon sa kahihyan; ibinaba mula roon, inendorso sa mga kamay ng isang mayamang lalaki na ibinaba ang Kanyang katawan, matapos na makiusap kay Pilato; kinuha 'yun at binalot 'yun ng malinis na telang-lino, para iratay na sa libingan. Oh Diyos, kagimbal-gimbal marahil ang naramdaman ng mga abang alagad na 'yun; mistula bang naging talunan sila nung mga sandaling 'yun. Yaong Isa na pinagtuunan nila ng higit na tiwala, ay wala na nung panahon na 'yun, pero di nga 'yun nagtagal. Kinailangan lamang na ang Hain ay magbubo, 'yun nga. Dumating ang ilang araw, ilang oras pagkatapos nun, Siya'y nagbangon at dumating mismo ang kagalakan.

<sup>30</sup> Iyo pong tulungan kami, sa gabing ito, Panginoon, yamang kami'y nasa panahong ito, nawa'y lumukob ito sa amin, na makita mismo namin ang paghihirap na naging kabayaran ng aming katubusan, ang pagkahapis na kabayaran upang kami'y maging masaya. At nawa'y ang aming kaluluwa. . .Sa gabing ito, Panginoon, nawa'y mailaan naming malinis ang aming mga sarili sa Iyo, at ang aming mga kaluluwa'y maantig nang lubos, para makatuon sa ibayo at makita kung gaanong kalunus-lunos, Oh Diyos, gaanong kalunus-lunos ang kamatayang 'yun. Kung gaanong kalupit ang kasalanan! At dalangin ko, Ama, na Iyo po kaming pagpapalain nang sama-sama ngayon.

<sup>31</sup> At Iyong tutulongan ako, Oh Diyos, bilang Iyong lingkod na nakatayo rito na ang boses ay talagang paos na paos, yaman pong ang Iyong mga anak ay nakaantabay na makapakinig ng isang bagay mula sa Salita. Iyo pong tulongan ako, Panginoon, at pagputul-putulin Mo ang Salita ng Buhay, nang walang bayad, para sa lahat, habang inilalaan muli namin ang mga buhay at ang aming mga puso. Heto po't tumutulo ang mga luha ng aming mga puso, sa kaloob-looban ng aming dibdib, kapag naiisip namin ang Hain na 'yun. Iyo pong tulongan kami ngayon, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo. Amen.

<sup>32</sup> Gusto ko pong magbasa ng kaunti ngayon at sige't ituon n'yo ang buong pansin n'yo sa akin nang kaunting sandali, at ako po'y ipanalangin n'yo. Sa Isaias, sa ika-53 kabanata.

<sup>33</sup> Marahil tayo, ngayon, nakapakinig na tayo ng mga pagsasa himpapawid sa radyo, at iba pa.

<sup>34</sup> Talagang nagugunita ko si Cristo sa araw na ito. Di ko nga napigilan ang aking sarili na pumunta sa isang sulok at doon lumuhod. At talagang napaiyak po ako, habang naiisip ko po 'yung . . . nung ang isip ko'y bumalik dun at nakinita kung ano ang nangyari roon sa Kalbaryo.

<sup>35</sup> Kaya di ko tuloy napakinggan ang mga programa sa radyo, pero marahil galing naman sa Ebanghelyo ang ipinapangaral nila. At marahil bukas ng gabi ay tatalakayin natin ito mula sa pananaw na 'yun.

<sup>36</sup> Pero, sa gabing ito, bumaling tayo sa Lumang Tipan. Nais kong makapangusap tungkol sa: *Ang Kalupitan Ng Kasalanan, At Ang Multa Na Dapat Bayaran Para—Para Iwaglit Ang Kasalanan Mula Sa Ating Buhay*. Sa Isaias 53, ang propeta, na pinahiran, pitong daan at labing-dalawang taon bago mismo ang pagdating ng Panginoon, sinabi niya ang mga salitang ito.

*Sino ang naniwala sa aming balita? . . . kanino nga nahayag ang bisig ng PANGINOON?*

*Sapagka't siya'y tumubo sa harap niya na gaya ng sariwang pananim, at . . . ng ugat sa . . . tuyong lupa: walang anyo o kagandahan man; at pagka ating minamasdan siya, ay walang kagandahan na mananais tayo sa kaniya.*

*Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang taong sa kapanglawan, . . . bihasa sa karamdaman: at gaya ng isa na pinagkublihan ng mukha ng mga tao; na siya'y hinamak, at hindi natin hinalagahan siya.*

*Tunay na kaniyang dinala ang ating karamdaman, . . . dinala ang ating kapanglawan: gayon ma'y ating pinalagay siya na hinampas, sinaktan ng Dios, at dinalamhati.*

*Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating kasamaan: ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo.*

*Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo sa bawa't isa sa kaniyang sariling daan; at ang PANGINOON . . . ipinasan sa kaniya ang kasamaan nating lahat.*

*Siya'y napighati, gayon . . . dinalamhati, . . . hindi nagbuka ng kaniyang bibig: gaya—gaya ng kordero na dinadala sa patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya ay pipi, gayon ma'y hindi niya binuka ang kaniyang bibig.*

*Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya: . . . sa kaniyang lahi sino sa kanila ang gumunita? na siya'y nahawalay sa lupain ng buhay: dahil sa mga pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya.*

*. . . ang kaniyang . . . ginawa nila ang kaniyang libingan na kasama ng masama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan; bagaman hindi siya gumawa ng pangdadahas, o wala mang anomang karayaan sa kaniyang bibig.*

*Gayon ma'y kinalugdan ng PANGINOON na mabugbog siya; inilagay niya siya sa pagdaramdam: pagka iyong gagawin ang kaluluwa . . . o kapag iyong gagawin . . . na makita . . . ang kaniyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan, makikita niya ang kaniyang lahi, at pahahabain niya ang kaniyang mga kaarawan, at ang pagkalugod ng PANGINOON ay lalago sa kaniyang kamay.*

<sup>37</sup> Kung kukuha ako ng isang Kasulatang teksto, sa gabing ito, kukunin ko po ang ika-6 na talata.

*Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; . . . at ang PANGINOON . . . tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan; at ang PANGINOON . . . ipinasan sa kaniya ang kasamaan nating lahat.*

<sup>38</sup> Nais ko pong mangusap nang ilang sandali. Sa tuwina nga'y masaya tayo pagdating sa pagkakaroon ng kagalakan ng Panginoon sa kalagitnaan natin; at ganoon na lang na ako'y nagbubunyi kasama kayo, nang lubos-lubos. Pero huminto na ba kayo para bulayin kung anong halaga nung kabayaran para makamit 'yun? Napagtanto n'yo na ba ang halaga sa likod nun; kung anong kahatulan at kung ano ang naging multa para dun sa kasalanan? Haya't ganoon na lamang kalupit ang kasalanan, na ibinunsod nito ang Anak ng Diyos na tumungo sa Kalbaryo, at sasaktan Siya ng Diyos, at ilalayo ang Kanyang mukha mula



sa Kanya, at hahagupitin Siya, at—at Siya’y magdalamhati. Tingnan n’yo po kung sino Siya.

<sup>39</sup> Ngayon gusto ko pong maglahad sa inyo ng kahit munting pagsasalarawan lang, habang nangungusap ako ngayon. Sige’t marahil ay maglalakbay tayong lahat, sa gabing ito, sakay sa isang munting sasakyan marahil, at tayo’y . . . sa isang munting sasakyang-pangkalawakan, o sasakyang-panghimpapawid. Bumalik tayo nang daang-milyong taon bago pa nagkaroon ng mundo, bago pa nagkaroon ng bituwin o kahit ano, at doon nga’y wala kayong makikita kundi kalawakan. At ang buong kalawakan na ’yun ay ang Diyos. Sa pasimula ay ang Diyos.

<sup>40</sup> At ngayon makikita natin na bigla na lang may sumulpot na isang munting puting Liwanag. Tatawagin natin ’yun, na, isang Halo marahil. At ’yun po ang Anak ng Diyos, ang Logos na nagbuhat mula sa Diyos, sa pasimula.

<sup>41</sup> At hayan nga na naroon mismo Siya; at Siya, sa Kanyang kaisipan, haya’t sinimulan Niyang isipin kung ano mismo ang magiging itsura ng mundo, at iginuhit ang buong larawan nito sa Kanyang kaisipan. At sinabi Niya, “Magkaroon ng liwanag.”

<sup>42</sup> At pagkatapos ay may atom na nabiyak at nagsimulang magpira-piraso, at sumambulat ang atomikong ito, ang pinaka unang atomikang pagsabog. At pagkatapos nung ang mga atom ay nagsimulang dumami’t maipon ay nagbunsod ng munting bilog, habang ’yung hamog, kung ano man ang tawag dun, ay nagsimulang magpira-piraso, at nabiyak ang mga atom. At mga ilang sandali, sumulpot ang isang bituwin, o piraso ng . . . may kumawalang piraso na bumulusok sa kalawakan. Pinanood Niya ’yun nang marahil mga ilang milyong taon, at pagkatapos ay pinahinto ’yun. Di Niya kailangang magmadali. Napakarami Niyang panahon, magpakailanman. Siya nga’y mula pa roon sa pasimula hanggang sa katapusan. Wala pong oras na umiiral sa Kanya. At pagkatapos may piraso na naman na bumulusok dun, at inihinto Niya ’yun sa gawing *ito*.

<sup>43</sup> Ano ’yung ginagawa Niya? Sinusulat Niya ang Kanyang unang Biblia. Ang pinaka unang Biblia na nasulat kailanman, ay naisulat dun sa kalawakan mismo, ang Zodiac. Yun nga’y nagpasimula sa birhen, ganoon nga ang una Niyang pagdating. Nagtapos ’yun sa Leo ang leon, ang ikalawang Pagdating. At isinusulat nga Niya ang Kanyang unang Biblia.

<sup>44</sup> Ang ikalawang Biblia na nasulat, ay isinulat ni Enoc, at inilagay ’yun sa piramide.

<sup>45</sup> Ang ikatlong Biblia na nasulat, at ang huli, ay itong isang *ito*. [Tinutukoy ni Kapatid na Branham ang kanyang Biblia—Pat.]

<sup>46</sup> Sa tuwina’y tatluhan lagi ang paggawa ng Diyos sa mga bagay-bagay. Ang Diyos nga’y ganap sa tatlo. Siya’y ganap. [Napa-ahem si Kapatid na Branham—Pat.] Pasensya na po. Siya’y ganap sa Ama, Anak, Espiritu Santo. Siya’y ganap sa pag-

aaring ganap, pagpapaging banal, bautismo ng Espiritu Santo. Siya'y ganap sa Kanyang tatlong ito.

<sup>47</sup> Tayo po'y nasa disenyo ng Kanyang paglilikha, kaya tayo man ay ganap sa tatlo; kaluluwa, katawan, at espiritu. At ang atin ngang katawan ay kinokontrol ng—ng mga ugat, ng dugo, at ng mga selula (laman); tatlo. Ang lahat ay ganap sa tatlo.

<sup>48</sup> Pagkatapos ang sabi Niya, matapos na maisip Niya ang dapat na magawa, bago Niya gawin ang anupamang bagay . . .

<sup>49</sup> Nakikinita ko po itong munting Halo na ito na kumikilos sa ibabaw—sa ibabaw ng mundong ito, na isang bilog pa lamang, na nanigas, nakalutang doon na parang isang napaka laking bato ng yelo. At iniusog Niya 'yun malapit sa araw. At sinimulan Niyang paikutin 'yun nang *paganoon*, para lumibot sa araw. At nagsimulang matunaw 'yun, at 'yung malaking bato ng yelo ay nabatak at nalusaw. Nagsimulang mabuo ang Texas, at ang mga kapatagan dun; gaya ng itinuro sa atin noon kung paano nalusaw ang mga bato ng yelo roon, ayon sa pag-aaral ng mga magagaling na mananaliksik ng kasaysayan. At ang buong mundo, matapos na umagos 'yun patungo sa Golpo ng Mexico, at sa iba pa, nagsimulang mapuno 'yun ng tubig. “At ang lupa, ay wala pang anyo, at wala pang laman,” ngayon nasa Genesis 1 na tayo, kita n'yo. Ngayon, pagkatapos, kumilos ang Diyos at inihawalay ang kalawakan mula sa tubig. At nilikha Niya ang liwanag.

<sup>50</sup> At pagkatapos ay nilikha Niya ang lahat ng Kanyang mga nilikha. Pagkatapos, matapos Niyang likhain 'yun, lahat ng mga puno'y umusbong, at mga halaman, at iba pa. Napaka ganda nga mismo ng inihanda Niyang 'yun. Nalugod Siya. Ang ganda nun. At naisip Niyang kalugud-lugod 'yun.

<sup>51</sup> Mangyaring di Niya pababayaan 'yun sa kalagayang 'yun; kinakailangan Niyang mag-iwan ng isang bagay dun. Kaya ang sabi Niya, “Ating” (maramihan) “lalangin ang tao,” maramihan, “ayon sa ating wangis.” “Lalangin natin ang tao ayon sa ating wangis.” Kaya mangyari na noong likhain ng Diyos ang una Niyang tao, Siya'y taong espiritu. Ang tao ngang 'yun ay nasa uri ng Diyos, o ng Anak ng Diyos, ang Logos. Yun po ang unang tao. Pagkatapos binigyan Niya ang tao ng kapamahalaan sa mga . . . para pangunahan ang lahat ng mga buhay-hayop, gaya mismo ng pangunguna ng Espiritu Santo sa mananampalataya ngayon. “Magpunta ka *rito*. Gawin mo *ito*.”

<sup>52</sup> Ngayon, kung may ganap lang tayong pagsuko sa Espiritu Santo, pangungunahan tayo ng Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, gaya ni Adan na pinangunahan niya ang mga hayop nung panahon na 'yun.

<sup>53</sup> Mangyaring nilikha Niya—Niya sila. At pagkatapos, nung gawin na Niya ito, nagsimula Siyang umusad dun sa—dun sa kaisipan na—na Kanyang likhain ang tao mula sa alabok ng lupa. Wala ngang tao para magbukid ng lupa, wala pa noong gagawa

nung trabaho, wala pang pisikal na nilalang. Kaya nilalang Niya ang tao mula sa alabok ng lupa.

<sup>54</sup> Ngayon diyan sa bagay na 'yan sa tingin ko na ang isang— isang botaniko, o—o ang siyensiya at Cristianismo, ay hindi nagsasalungatan sa isa't isa. Dahil, sinasabi ng siyensiya, na ang tao ay galing sa ibang buhay; at sinasabi natin, na kapag tinitingnan mo ang isang tao rito, siya'y nasa larawan ng Diyos. Ito pong ito rito, hindi ito ang larawan ng Diyos, kung tutuusin. Larawan ito ng buhay ng hayop. At siya. . . At argumento nga ng mga ebolusyonista na tayo raw. . . Di po ako naniniwala sa tugaygay nila ng ebolusyon, na galing daw ang lahat sa iisang selyula. Pero naniniwala ako na may ebolusyon tayo, tunay po, na 'yung tao ay pinaging ganito mula sa isang anyo noon. Pero heto nga na nung gawin ng Diyos ang lahat ng 'yan at inilagay pa mismo. . . inilagay ang tao sa. . .

<sup>55</sup> Nilikha ang tao mula sa alabok ng lupa, ngayon, di nga sa Kanyang Sariling larawan. Nagawa na Niya 'yan sa tao nung una. Tapos Kanyang hiningahan ang tao ng hininga ng buhay, at ang tao'y naging buhay na kaluluwa. Kaya, ang kaluluwa ng tao ay ang kalikasan ng kanyang espiritu.

<sup>56</sup> Kaya, kung kayo'y ipanganganak na muli, hindi bagong espiritu ang tinatanggap n'yo. Bagong kalikasan ng espiritu na 'yun. Parehong espiritu pa rin, pero iba nang kalikasan. Sige't may dalawa kang tao ryan halimbawa, pagtabihin sila, sila ngang dalawa ay magkapareho ng itsura; at ang isa sa kanila ay makasalan, at ang isa sa kanila ay Cristiano. Sasabihin nga nung isang lalaki, "Parehong espiritu lang naman tayo," kita n'yo. Pero ang isa sa kanila'y iba, ang kanyang kaluluwa. Ang kalikasan niya ay iba. Siya'y binago na.

<sup>57</sup> Kaya mangyaring hiningahan Niya ang taong ito. Ngayon, di ko po alam kung paano, kung papaano Niya nilikha siya. Siya'y—Siya'y naglagay sa kanya ng limang pandama para ang tao ay magkaroon ng ugnayan sa makalupa niyang tahanan, at makakita, makalasa, makadama, makaamoy, at makarinig. At nilikha Niya ang tao sa ganoong paraan. Ngayon, ang mga pandamang 'yun ay di para kaugnayin ang Diyos.

<sup>58</sup> Ang pandama niya kasi para kaugnayin ang Diyos ay ang kanyang Espiritu, ang kaluluwa niya ay para kaug- . . . "Ang kaluluwa na nagkakasala, ang kaluluwa ay mamamatay."

<sup>59</sup> Ngayon, tutugaygay po ako nang medyo mahaba, para dumako sa isang bagay, pero umaasa ako na makukuha n'yo ang bawat punto nito para makita n'yo nang saktong kung ano mismo ang kinailangang gawin ng Diyos sa Kalbaryo.

<sup>60</sup> Ngayon nung ang taong ito, hayang nga, nung ilagay ng Diyos sa kanya ang pandama niya, kanyang limang pandama. At pagkatapos, ang tao nga, siya'y nag-iisa, kaya lumikha ang Diyos

ng asawa para dun sa tao, isang katuwang, na hinugot mula sa kanyang tagiliran na isang tadyang at ginawa itong babae.

<sup>61</sup> Isang napakagandang tipo roon, ganap mismong tumitipo, sa Diyos na humugot sa tadyang ni Cristo, ang Nobya. Kita n'yo? Binuksan ng Diyos ang tagiliran ni Adan, kumuha ng tadyang; dahilan, kung bakit ang lalaki ay may kulang na isang tadyang kumpara sa babae, sa istruktura ng—ng katawan. At ngayon binuksan ng Diyos ang tagiliran ni Cristo, sa . . . sa may Kalbaryo, ay hinugot ang Nobya. Ang Iglesia'y dumating sa pamamagitan ng Dugo ni Cristo, patungo sa Katawan ni Cristo.

<sup>62</sup> At sa ganoong paraan—sa ganoong paraan tayo dumating, at wala na ngang iba pang paraan. Kahit na gaano pang iglesia 'yan na kinabibilangan n'yo, gaano pang kabuting lalaki ka, gaano pang kabuting babae ka; kinakailangan mong tanggapin ang buong-kasapatan na Hain ng Diyos, ang Kanyang inilaang daan, o ika'y mapapahamak. Tama. Yun lang ang natatanging paraan para kayo'y makapasok mismo, ang sa pamamagitan Nun. Ngayon, nag-iisa lamang mismo ang daan, at 'yun ay sa pamamagitan ng Pintuan.

<sup>63</sup> May itinurong kilalang talinghaga si Jesus, nung narito pa Siya noon sa lupa. Sinabi Niya na may panghapon na kasalan na idinaos at—at ang bawat tao ay binigyan ng—ng damit, at nasumpungan niya na may isang tao roon na walang ganoong damit. Sabi niya, “Kaibigan, ano't ika'y. . . Papaano—papaano ka nakapasok samantalang wala ka naman nitong damit na ito?”

<sup>64</sup> Ngayon, ang kaugalian po kasi sa may silangan, kapag ang lalaking ikakasal ay mag-iimbita, pagbibihisin niya. . . bawat inimbitahan niya. Kung limampung katao ang inimbitahan niya, mangyaring limampu ring balabal. At ang lalaki ay tatayo malapit sa may pintuan, at sa tuwing may tao na papasok, mayaman man o mahirap, pagsusuotin niya ang tao ng balabal. Pagkatapos, walang makakaalam kung ang tao na 'yun ba'y mayaman o mahirap. Ang tao, lahat sila, ay pare-pareho ang itsura, kapag suot ang balabal na 'yun.

<sup>65</sup> At 'yun po ang pamamaraan ng Diyos sa panahon ngayon. Ibinigay Niya ang Espiritu Santo; na isang tipo. Bawat tao na Kanyang iimbitahan, lahat tayo'y pare-pareho. Na ang isang *ito* ay dahil mas mainam siya sa isang ito, at '*yung* isa nama'y mas mataas kasi sa isang ito. Lahat tayo'y pare-pareho sa paningin ng Diyos, lahat ng inimbitahan sa Hapunang Kasalan.

<sup>66</sup> Pagkatapos nung pumasok na siya'y nasumpungan ang isang lalaking ito ngayon. . . Ngayon, iisa lang po ang pintuan na mapapasukan, dahil dun lamang ipinamimigay ang mga damit. At nasumpungan nga niya ang isang lalaki sa mismong hapag ng hapunan, na di nakasuot ng damit na 'yun. Sabi niya, “Kaibigan, anong ginagawa mo rito? Bakit hindi mo suot 'yung damit?” At di makaimik 'yung lalaki. Pumasok kasi siya sa pamamagitan

ng bintana, o sa kung anong daan. Hindi siya pumasok sa pamamagitan ng pintuan.

<sup>67</sup> At bawat tao na papasok sa pamamagitan ni Cristo, tungo sa Katawan ni Cristo, ay tumatanggap ng Espiritu Santo, ang balabal. Siya nga'y nakatayo sa tabi, para idamit Ito sa inyo, sa mismong oras na papasok ka roon, kita n'yo. Yun ang Kanyang ipinangako at 'yun ang Kanyang gagawin.

<sup>68</sup> Ngayon, doon po sa—sa pasimula, sa Eden, pagkatapos nga'y lumikha Siya ng asawa para sa lalaki, o katuwang.

<sup>69</sup> Ngayon nakita n'yo na marahil sa mga larawan dito sa mga magasin, kung minsan, o ng ilang mga pintor. Ngayon, lubos na nagkulang sa inspirasyon. Kung nakita n'yo ang pagkakaguhit ni Eba na ang buhok ay patikwas-tikwas nang *paganoon*, at, oh, grabeng kalunus-lunos na bagay, at sasabihin, “Hayan ang ating nanay,” aba, wala ngang magkakagusto dun sa buong mundo man. Naniniwala ako na si Eba ang pinaka magandang babae sa lupa kailanman. Tama. Noong makita siya ni Adan, siya, kanyang—kanyang. . . Sadya pong, hayan nga, ipinapakita lang n'yan ang pamana na pinagsalin-salin hanggang sa mga tao sa panahon ngayon. Kung hindi, magiging kabaligtaran.

<sup>70</sup> Kaya, tinanggap ni Adan si Eba na maging asawa niya. At pagkatapos nung pumasok ang kasalanan. . . At may ideya po ako kung ano 'yun. Di ko 'yun ipinapahayag sa iglesya, maliban na lang kung may kaunting araling-pagtatalakay na kung ano, kung ano ang kasalanan sa pasimula. Pero, hayan nga, nung 'yun ay mangyari, inihiwalay sila dahil dun mula sa pakikiisa sa Diyos.

<sup>71</sup> Ngayon heto ang larawan na gusto kong dakuan. Ngayon nung malaman ng Diyos, o nung may isang Anghel o Nilalang na tumungo roon at sinabi sa Diyos, na, “Ang iyong anak ay napahamak. Siya, siya'y nagkasala. Siya'y nahulog.”

<sup>72</sup> Ngayon masdan n'yo nga ang simbuyo nung tao, ang unang bagay, na ginawa niya'y gumawa siya ng relihiyon. Ang tao, nagkaroon siya ng kung anong relihiyon.

<sup>73</sup> May kausap akong kilalang tao rito sa siyudad, nung isang araw. Sabi, “Alam mo, ang relihiyon ko, Kapatid na Branham, ay ang sundin ang Ginintuang Patakarán.” Mainam naman.

<sup>74</sup> Pero, kapatid, maliban na ang isang tao'y maipanganak na muli, mapapahamak siya. Oo. Kinakailangan niya, kailangan siya'y maipanganak na muli. Ngayon, mainam naman kung sa mainam ang Ginintuang Patakarán; mangyaring, kayang gawin 'yan ng isang moral na tao. Pero kinakailangan na ang lahat ay luminya sa sobrenatural. At makikita n'yo ang kahalagahan ng ginawa ng Diyos nang sa gayon tayo ay maipanganak mismo sa sobrenatural.

<sup>75</sup> Ngayon, nung, hayan nga, nung sila’y magkasala, siya’y—siya’y gumawa sa sarili niya ng isang reli- . . . Ang ibig ngang sabihin ng salitang *relihiyon* ay “panakip.” Parang isang bagay na pantakip. Ito pong amerikana na ito’y isang—isang—isang relihiyong moral sa akin, dahil tinatakpan nito ang katauhan ko. At ganun din ang mga damit n’yo. At isa itong . . . Isa itong—isang itong panakip.

<sup>76</sup> Ngayon pansinin n’yo nga, nung, si Adan, ’yung mga dahon niya ng igos ay ayos lang hanggang sa di pa niya nakakatagpo nang harapan ang Diyos. Pero nung siya nga’y kumaharap na mismo sa Diyos, napagtanto niya na wala palang mainam na maidudulot ang mga dahon niya ng igos. At ngayon, kaibigan, iniisip n’yo marahil na kahit paano’y disente kayong tao, kita n’yo, na marahil totoo rin naman. Siyanga. Pero kapag kayo nga’y kumaharap na mismo sa Diyos, kayo’y . . . kung di pa n’yo tinatanggap ang inilaang Hain ng Diyos para sa inyo, kayo po’y nasa kapahamakan at malalaman n’yo ’yun.

<sup>77</sup> Naranasan ko nang tumayo sa tabi ng mga tao, nasaksihan sila mismo na namatay; nakita ko kung papaanong tinurukan sila ng doktor sa bisig ng hypo, para pakalmahin sila. At sila nga’y maririnig mo na nagsisisigaw at talagang nagwawala. Sasabihin, “Oh, nawawala lang sila sa sarili.”

<sup>78</sup> Sabi ko, “Dok, huwag n’yo na pong iturok uli, muna.” Kita n’yo? At maririnig n’yo ang mga taong ito na iniisip na nila—nila na tama ka pala.

<sup>79</sup> “May daan na tila matuwid sa isang tao, ngunit ang dulo niyaon ay mga daan ng kamatayan.”

<sup>80</sup> At bawat tao na di mapagbago, di nabago sa Diyos, ay tutungo mismo sa daan ng kawasakan. Di n’yo mapipigilan. Yang sarili n’yong kaluluwa’y magdadala mismo sa inyo. Kung kayo’y naipanganak na muli, pataas ang tungo n’yo. Kung di kayo naipanganak na muli, pababa nga ang tungo n’yo. Haya’t dadalhin at dadalhin kayo mismo ng sarili n’yong—sarili n’yong kaluluwa. Katulad na lang sa isang—sa isang madyik na patpat na nakakapagbukas ng pintuan sa kung saang dako; kung wala ka nung—nung patpat na ’yun, hindi bubukas ang pintuan. At kung di kayo naipanganak na muli, kayo’y tatanggihan, mismo. Ganoon lang, ngayon.

<sup>81</sup> At pagkatapos nung aking—aking makinita dun, hayan nga, nung sila’y lumantad, haya’t alam ng Diyos na di nila kayang tumayo sa harapan Niya. At alam Niya. At sila’y nagtatago, nagtatago mismo sa likod ng mga halaman. Yamang, sila nga’y natatakpan na mismo, pero alam kasi nila na ’yung panakip nila ay di sapat.

<sup>82</sup> At bawat lalaki o babae na nagsisipuntahan ngayon sa simbahan . . . Ngayon iniisip ko nga ’yung mga katedral na may pagbatingaw sila roon, at ’yung kalembang ay pinatutunog, at

kung anu-ano pa gaya nun; at 'yung mga tao'y nagpupuntahan sa simbahan, at nagsisipaghanda, at 'yung mga kababaihan ay nagsisibilihan ng kani-kanilang sumbrero para sa Pasko ng Pagkabuhay, at kung anu-ano pa. Ano na ang kinapadparan nito mismo? Naku! Paano't di ko sukat-maisip kung ano ang kinalaman ng isang kuneho sa pagkabuhay na mag-uli, kita n'yo, (wala, nga) paano nagkaroon ng kinalaman ang Krismas tree sa kapanganakan ni Cristo. Pagano ito, mga kaibigan. Tayo nga'y naligaw sa kung saang banda. Ganoon nga. Pero ngayon ang isang tunay na naipanganak na muling lalaki o babae ay kanila ngang napagtatanto na, dahil may buhay riyan sa kaibuturan n'yo, na sinasabi sa inyo na mali 'yun. Tama po ba? [Sinisabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

<sup>83</sup> Ngayon masdan n'yo; sina Adan at Eba. Oh, grabe! Kapag binubulay ko po 'yun, nawawala sa isip ko itong trangkaso ko, kung ano man itong dumapo sa akin. Sa tuwing binubulay ko mismo, 'yung doon-doon pa sa pasimula. Masdan! Mangyaring nababanggit n'yo ang dugo?

<sup>84</sup> Dito di pa katagalan, parang pinag-iisipan nila ngayon, sa malawakang konseho ng Methodist, na ano kaya kung alisin na nila 'yung mga awitin tungkol sa Dugo mula sa aklat ng mga himno ng Methodist. Sabi, "Di naman ito dakong-katayan na relihiyon." Sabi, "Ayaw namin. . . Ang gusto kasi nami'y isang bagay na kaaya-aya at marangal." Kapatid, di nga sa ganyang paraan ang pagtanggap ng Diyos dito. Alinman 'yan sa . . .

<sup>85</sup> "Kapag nakita Ko ang dugo, lalagpasan Ko kayo." Dugo! Ang Diyos, ang tanging bagay na mahalili, ay naroon lamang mismo sa . . . "Ang buhay ay nakalagak sa dugo. Maaari n'yong kainin ang karne, pero ang dugo, na siyang buhay nun, ito'y ibuhos n'yo sa lupa." Kita n'yo, huwag kainin ang buhay.

<sup>86</sup> Pansinin n'yo nga kung gaanong kaganda! Talaga pong pinagbubulay ko 'yun! Pagkatapos nga'y inisip ng Diyos, "Ngayon lumabas na kayo rito, Adan at Eba. At bago Ko kayo ilabas, may bagay muna Ako na dapat gawin." Kaya nagtungo Siya roon sa may gilid ng burol at kumuha ng tupa; pinatay 'yun, binalatan, hinayaang mamatay ang tupa.

<sup>87</sup> Dahil, mahalaga na tuparin ng Diyos ang Kanyang Salita, kahit na gaano pang kainam kang lalaki, kahit na gaano pang kainam ka na babae, ano ka man. Sadya ngang, ang Diyos, tutuparin at tutuparin ng Diyos ang Kanyang Salita.

<sup>88</sup> Yan ang dahilan kung bakit si birheng Maria'y kinailangan din na tumungo roon, sa Araw na 'yun ng Pentecostes, at tanggapin ang bautismo ng Espiritu Santo, katulad ng iba pa sa kanila roon, dahil ipinanganak siya rito bilang isang mortal at kinakailangan na maipanganak na muli bago siya tumungo sa Langit. Amen.

<sup>89</sup> Ngayon tingnan n'yo, binibini, hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo. Di ibig sabihin na nagbago na ang panahon, haya't ang Diyos ay di nga nagbabago. Kapag di kayo makaabot dun kahit kaunti lang, sa kapahamakan kayo. Kita n'yo? Ngayon, akin lamang ipinapangusap ang mismong bagay na ginawa ng Diyos labing-siyam na daang taon ang nakakaraan, ngayon, sa may Kalbaryo, para ipakita sa inyo kung gaanong kagrabeng Hain ang kailangang isakripisyo para bayaran ito, at 'yun mismo ang paraan ng Diyos. Ngayon may daan nga na tila matuwid; pero may inilaang daan nga mismo ang Diyos. Kung lagi kayong tatahak sa inilaang daan ng Diyos, hinding-hindi ka madadako sa mali.

<sup>90</sup> Kagaya na lang ng magbibiyahe ka halimbawa patungo sa Indianapolis, o sa tawid lamang ng tulay, at sasabihin n'yo, "Buweno, heto, Louisville na ba 'yang gawi riyan?" "Oo." At kapag basta ka na lang didiretso nang *paganito*; siguradong magkaka problema ka. Ganoon nga. Kaya mainam na makuha mo ang orihinal na plano, ang mapa, na mapag-aralan 'yun at makita kung saan ka ba talaga dadaan.

<sup>91</sup> At, siyanga rin, Heto ang orihinal na plano ng Diyos tungo sa Kaluwalhatian. Pag-aralan n'yo itong maigi. Hayan nga Ito. Ito'y sinabuyan-ng-Dugo na daan mula dulo sa dulo. Hindi ka mawawala sa landas, kung susundan mo lang mismo ang Dugo. Amen! Ngayon nakikita n'yo na. Kita n'yo? Ganap na manatili lamang sa Dugo at di ka mapapahamak, dahil may duguang bakas sa buong daan na 'yun.

<sup>92</sup> Ngayon pansinin kung papaanong ang Diyos nung panahon na 'yun, nung bago Niya magawa 'yun, ngayon maaari Siyang tumayo o... Kahit na tumindig pa sila roon para tanggapin, Kanya ngang papatayin dapat sila sa mismong sandali na 'yun. Ganoon nga ang gagawin Niya, dahil Siya ay kataas-taasan. Marapat lamang na tuparin Niya ang Kanyang Salita. Ang sabi Niya, "Sa araw na kanin ninyo yaon, iyon ang araw na kayo ay mamamatay." Yun na 'yun magpakailanman.

Mangyaring nakikinita ko Siya pagkatapos sa dakong 'yun, nung Kanyang patayin ang tupa. Sasabihin n'yo, "Tupa po ba talaga, Kapatid na Branham?" Naniniwala po ako. Siya kasi'y ang Tupa na pinaslang mula pa nung itatag ang sanlibutan.

<sup>93</sup> At balat ng tupa mismo; ang kinuha at inihagis sa kanila dun sa mga halaman, at sinabi sa kanila na "Isuot ninyo ang mga ito, at lumabas, at nang sa gayon ay tanggapin."

<sup>94</sup> At nakikinita ko si Adan at Eba na isinusuot ang gusgusing duguang, mga laylay na balat na 'yun sa buong katawan nila. Maiisip n'yo ba! Ang dapat sana'y kaaya-aya't, magagandang mga katawan ng dalawang perpektong tao, haya't ngayon ay nababalutan na ng duguang balat ng tupa. Nakikinita ko nga sila na nakatayo roon.



<sup>95</sup> Sabi ng Diyos, “Adan, dahil nakinig ka sa iyong asawang babae sa halip na sa Akin, kung ganoon, yamang kinuha Kita mula sa alabok, ay sa alabok ika’y magbabalik.”

<sup>96</sup> At, “Eba, dahil nakinig ka sa—sa serpiyente sa halip na sa Akin, haya’t, yamang ikaw ang nagdala ng buhay. . . nag-alis ng buhay mula sa mundo, ikaw ang magdadala ng buhay tungo sa mundo. Pararamihin ko ang iyong kalumbayan, at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban,” at iba pa.

<sup>97</sup> At pagkatapos ay sinabi Niya, “Serpiyente, dahil sa ginawa mo ito, lalakad ka. . .” Hindi po siya reptilya. Siya’y hayop, nakatayo kung maglakad, higit na mas tuso kaysa sa ano pa mang hayop sa parang. Saksihan n’yo ako, ’yan po’y Kasulatan. Nakatayo maglakad na parang tao, at siya ang dumaya mismo sa babae. At ang sabi ng Diyos, “At dahil sa ginawa mo ito, mawawala ang iyong mga binti, at sa pamamagitan ng iyong tiyan ka uusad, sa buong panahon ng buhay mo. At ang alabok ang magiging pagkain mo.”

<sup>98</sup> At hayun nga ang kinahinatnan nila; kahatulan. Marapat lamang na matapat na ipataw ng Diyos ang kahatulan Niya, dahil sinambit Niya ’yun. At Siya’y Diyos; di Niya maaaring atrasan ’yun. Kinakailangan Niyang manatili. . . Para ituring na Diyos, kinakailangang tuparin ng Diyos ang Salita Niya. Ganoon nga.

<sup>99</sup> Kaya hayun na nga’t nakikinita ko ang abang munting Eba, nung siya’y tumingin kay Adan, ang mahaba’t olandes niyang buhok ay nakalugay sa kanyang likod. Ang malalaking, maningning, na asul niyang mga mata na ang itsura’y tulad sa kalangitan, gaya nga ng pagkakalikha roon ng Diyos, hayun ang mga luha na tumutulo pababa; humahalo mismo sa dugo na naroon sa kanyang damit, at nakalaylay roon sa palibot ng kanyang katawan, ni Eba. Tapos si Adan naman, hayun ang kanyang malakas na pangangatawan, niyakap siya at idinantay siya sa kanyang dibdib, at doon nga’y ang mga luha, humahalo, tumatagaktak, habang umaagos ’yun sa mga balat ng tupa, ang dugo’y tumatagaktak pababa. Dugo, sa buong palibot. Hayan nga!

Ngayon ang sabi Niya, “Kinakailangan n’yong lumisan mula sa Aking Presensya.”

<sup>100</sup> Tapos nakikinita ko si Eba at Adan, na ang mga bisig nila’y nakadantay sa isa’t isa, paalis, yumayaon nang *paganito*, ’yung gusgusing balat ng tupa’y tumatama-tama sa kanilang binti, duguan, tumatama sa kanila mismong binti. [Pinalakpak ni Kapatid na Branham ang mga kamay niya nang minsan—Pat.]

<sup>101</sup> Pagkatapos nakikinita ko ang buong espasyo na ’yun, na yaong Diyos. Ang Diyos ay walang pasimula ng mga araw, katapusan ng mga taon. Siya’y magpakailan-kailanpaman. Hayan nga’t nakikinita ko ang buong malaking espasyo na ’yun

na unti-unti mismong kumikilos nang may paglalakip katulad *nito*, bumaba roon sa isang hugis embudo na parang ganoon, at 'yun nga'y bumababa roon, habang ang mga mata Niya'y unti-unting nakamasid dun sa magkapares na 'yun na naglalakad sa halamanan ng Eden, na ang mga duguang balat ay tumatama sa kanilang binti. Di Niya maatim. At 'yun nga'y tumagos, oh, tumagos 'yun sa mismong kaibuturan ng puso ng Diyos, na bumaybay ng p-a-g-i-b-i-g, "Ganoon na lamang na iniibig ng Diyos. . ." Hindi Niya maatim na makita sila na lumilisan.

<sup>102</sup> Tinawag Niya sila para bumaling muli, ang sabi, "Pag-aalitin Ko ang iyong Binhi at ang binhi ni Satanas." Tapos naganap nga 'yun, dun sa Kalbaryo; nung ang Diyos Mismo'y bumaba sa pamamagitan ng isang babae, isinilang ng isang birhen.

<sup>103</sup> Gustung-gusto ko ngang tumugaygay diyan pansumandali nang kaunti, sa Eden. Pansinin nung sila'y palayasin mula sa halamanan dahil sa pagsuway. Naputol mismo ang lahat ng mga biyaya dahil sa pagsuway.

<sup>104</sup> At iniisip ko, na sa gabing ito, 'yan po ang problema sa Iglesya. Lahat ng mga biyaya ay naputol dahil sa pagsuway. Hayan nga.

<sup>105</sup> Pinalayas mula sa halamanan ng Eden! Ngayon gusto kong pansinin n'yo ito, hetong dumating. . .nung sina Cain at Abel, ang dalawang anak ni Adan at Eba, nung sila'y pumaroon para maghandog ng alay.

<sup>106</sup> Naniniwala ako na ang dakilang Kerubin ay naroon noon sa silangang bahagi ng pintuan, at 'yung Tabak dun ay paikot-ikot nang paulit-ulit, binabantayan ang pintuang papasok doon sa Eden. Pansinin n'yo, Apoy, ang Espiritu Santong Apoy ay nakabantay sa pintuan.

<sup>107</sup> At, ngayon, 'yun ang nakabantay sa may pintuan. Kung kinakatakutan n'yo ang Espiritu Santo't Apoy, hinding-hindi ka makakapasok. Haya't nagniningas, ang Tabak ng Diyos! Ang Diyos ay isang Apoy na namumugnaw, nakabantay mismo sa Punongkahoy na 'yun, binabantayan ang Punongkahoy ng Buhay.

<sup>108</sup> At ngayon pansinin n'yo, pagkatapos, heto nga ang isang magandang larawan. Oh, grabe! Nakikinita ko si Adan o . . . si Cain at si Abel, ang ibig kong sabihin, na abala sa pag-aasikaso nung mga sandaling 'yun, o gumagayak doon para maghain. Sa tingin ko'y nagtayo sila ng dambana sa mismong tapat nung pintuan, sa may Luklukan, kung saan sila maaaring sumamba.

<sup>109</sup> Pansinin, heto nga na dumating dun si Cain. Marahil siya'y nagtrabaho nang buong taon, nagpagal, ginawa ang lahat ng magagawa niya para makapag-ani ng pinaka malalaking mga mansanas, o ng pinaka malalaking mga kalabasa, o anuman na mayroon siya roon, haya't dinala mismo sa may pintuan.

Siya nga'y nagtayo ng dambana sa mismong tabi ng pintuan, sa Presensya ng Diyos. Inilapag doon ang lahat ng mga prutas niya, at 'yung naglalakihang mga calla lily at lahat, at inilapag dun sa may dambana nang tama, at lumuhod at sumamba sa Diyos.

<sup>110</sup> Ngayon gusto ko pong inyong . . . Umaasa ako na babaon ito nang husto sa kaloob-looban, na di pa nangyayari kailanman, hanggang sa makuha n'yo ito, kita n'yo. Ngayon pansinin.

<sup>111</sup> Kung ang hinihiling lang sa inyo ng Diyos ay magpunta ng simbahan, si Cain nga'y kasing inam ni Abel kung ganoon. Si Cain kasi'y nagtayo rin naman ng dambana para sa Panginoon. Sasabihin n'yo, "Buweno, Kapatid na Branham, aba't di lang 'yun ang ginagawa ko, nagsasakripisyo rin ako. Nagbibigay ako para sa pagmi-misyong sa ibang bansa, at ako'y . . ." Ang mga bagay na 'yan ay maiinam din naman. Maiinam po. Pero higit pa ang hinihiling ng Diyos.

<sup>112</sup> Maging si Cain ay 'yun din naman ang ginawa, siyanga. Kita n'yo? Nagdala siya ng sakripisyong hain. Sumamba siya sa Panginoon. Lumuhod pa nga siya at nag-alay ng papuri para sa Panginoon, at ang sabi, "Panginoon, heto ako. Heto po ako, at ako po'y nagdala sa Iyo ng alay. Nagtayo ako ng dambana." Amen.

<sup>113</sup> Sa ibang salita, "Miyembro po ako ng iglesia." Bumaon na po ba nang malalim? Tingnan n'yo. "Miyembro ako ng iglesia. Nananampalataya ako sa Iyo." Babaon na po ito nang husto ngayon. Hayaan n'yong bumaon ito nang malalim pa. "Ako'y mananampalataya ng Diyos. Nagtayo ako ng dambana. Ako'y nagdala ng hain. At heto po ako, Panginoon. Sumasamba ako sa Iyo." At mangyaring ibinaling ng Diyos ang Kanyang likod mula sa hain na 'yun. Ganoon nga.

<sup>114</sup> "At umaga ng Pasko ng Pagkabuhay," katulad ng sabi ng isang pastor sa bayang ito, "alam mo ba kung anong ginagawa ko, mangangaral, sa umaga ng Pasko ng Pagkabuhay?"

Sabi ko, "Ano po?"

Sabi, "Sinasabihan ko ang mga miyembro ko, binabati ko sila ng 'Maligayang Pasko.'"

Sabi, "Bakit?"

Sabi, "Hindi ko na kasi sila makikita muli hanggang sa susunod na Pasko ng Pagkabuhay."

<sup>115</sup> Ang lahat kasi'y dumadalo tuwing Pasko ng Pagkabuhay, ganoon nga, bumibili ng bagong mga sumbrero't bagong damit. At ano bang kinalaman n'yan kay Cristo? Oh! At pihado pong milyong-milyong dolyar ang gagastahin ngayong taon na ito, bukas, sa dako ng mga Protestante, sa mga liryo pa lang, mga namumukadkad at naggagandahang mga liryo; bawat isang miyembro ay pupunta roon at ilalapag 'yun sa altar. Hindi nga alintana ng Diyos ang liryo na 'yan na ilalapag sa altar. Ikaw

ang gusto Niyang naroon sa altar. Hindi ang liryo; di naman kasi dapat 'yun ang haing sakripisyo n'yo. Ikaw mismo ang tao na naroon dapat sa altar. Yun ang dipirensya. Ang hinihiling ng Diyos na dapat mailapag dun sa altar, ay ikaw mismo.

<sup>116</sup> Ngayon gusto kong pansinin n'yo kung papaanong, ang namanang 'yun, na Satanas na naroon kay Cain. At pansinin na 'yung pinaka . . .

<sup>117</sup> Ngayon mapapagaan nga nito ang pakiramdam n'yo, na mga ilan sa inyo na mga hindi taga-rito't mga manlalakbay. At mangyaring marahil sinasabi natin, "Buweno, sana nagagawa natin 'yung *ganito* sa iglesya natin, at *ganoon*." Masiyahan kayo. Hallelujah! Mas pipiliin ko pang sumamba sa kung anong maliit na lumang silid na nasa likod marahil ng isang eskinita, at ang Diyos naman ay naroon, kaysa sa isang katedral na wala naman dun ang Diyos. Ganun nga. Tunay. Hayan! Siya'y isang pobreng tao. Pansinin n'yo. Pagkatapos ay dinala na niya ang kanyang hain, dinala ni Cain, at inilapag na niya 'yun doon. Ngayon, pansinin, siya nga'y galing sa lahi ni Satanas, dahil inaasahan niya na tatanggapin 'yun ng Diyos, dahil magandang mga bunga 'yun, bagay na ginawa niya, sa ganang kanya.

<sup>118</sup> At maraming tao ang nagsasabi, "Buweno, kaanib naman ako sa iba't iba pa ngang grupo. At ako'y—ako'y nakakapag bigay sa Red Cross, at nakakapagbigay rin sa kawanggawa. Nakakapagbigay pa ako sa mga kaiglesyahan. Papaano naman 'yun, Kapatid na Branham?" Ayos lang ang mga 'yun.

<sup>119</sup> Pero, "Maliban na ang isang tao'y maipanganak na muli, sa anumang paraan ay hindi siya makakapasok sa Kaharian." Pansinin ito.

<sup>120</sup> Ang mga kawanggawa na 'yan ay maiinam, pero wala . . . di pa rin 'yan ang inilaang daan ng Diyos. Gumawa si Cain sa sarili niyang paraan. At marami, sa gabing ito, ang ganoon din na gumagawa sa kanilang sariling paraan.

<sup>121</sup> Di n'yo magagawang pangatwiranan 'yun. Mangyari ngang, di magagawa ng pangangatwiran na . . . Di uubra ang inyong pangangatwiran. Di kayo uubra na pangatwiranan Ito. Kung kaya n'yong pangatwiranan Ito, hindi nga Ito maituturing na pananampalataya. Kinakailangan n'yong maihandog ito sa pamamagitan ng pananampalataya.

<sup>122</sup> Ngayon, sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, ang ibig mo bang sabihin kinakailangan kong dumako roon at—at mapuno ng Espiritu Santo at kumilos na gaya ng iba pa?" Kung umaasa ka na makasama ang iba pa sa kanila, ganun na ganun mismo ang gagawin mo. Ganoon nga. Siyanga, po. Ganoon nga. Sige't ipagpahalimbawa mo na lang . . .

<sup>123</sup> Haya't si Naaman nga'y gayundin ang ginawa. Sinabi ng Diyos sa propeta, "Sabihin mo sa kanya, 'Lumusong dun at lumubog nang pitong beses.'"

124 Sabi niya, “Hindi ba’t ’yung narito ay mas malinis at mas mainam?” Pero ang kinakailangan nga’y ang tubig na ’yun ng Jordan; kung titingnan ay may pagka pangit.

125 Pero umaasa ako na ang bawat isa sa gabing ito ay tutuon mismo ng paningin tungo sa Kalbaryo, at kung anong laking kabayaran ang kinailangan ng Diyos, labing-siyam na raang taon ang nakararaan. At magagawa n’yong itaas ang inyong kamay, magsasabi, “Doon ako tatahak sa daan na kasama ng ilan na kinamuhian dahil sa Panginoon?”

126 Sasabihin n’yo, “Ibig bang sabihin sasama ako dun sa mga kalalakihang ’yun na si Kapatid na Thom, o, ’yung tinatawag ng ilan na ‘holy-roller?’”

127 Kapatid, nakalibot na ako sa mundo, nang magtatatlong beses na marahil, at di pa ako nakakita ng sinasabing holy-roller na ’yan. Hindi, pa. Ang nasumpungan ko ay kabanalan, hindi holy-roller. Bansag ’yan na ikinabit ng diyablo sa Iglesya. Ang sabi ng Diyos, “Kapag walang kabanalan, di makikita ng tao ang Diyos.” Magagawa mong ilagak ang sarili mo, tungkol dito. Yun ang daan ng Diyos.

128 Sasabihin n’yo, “Yang mga ’yan na panay ang sigawan at hiyawan at kung anu-anong ginagawa?” Kapatid, ’yun nga ’yun. “Aba,” sasabihin n’yo, “para, para yatang kabaliwan ang dating n’yan, sa akin.”

129 Yan mismo ang dahilan kung bakit kinakailangan mong maipanganak na muli. Kapag ikaw ay naipanganak nang muli, mangyaring di mo iisipin na Ito’y “kabaliwan.” Ikaw nga’y lalaki sa amin. Ang mga taong ito’y ganoon din ang iniisip nila dati sa iniisip mo, noon. Ganoon nga. Ganoon na ganoon ang iniisip nila dati sa iniisip mo, hanggang sa makapasok sila Rito, mismo. Ito’y isang pagbabago, isa mismong pagbabalik-loob. Ang ibig sabihin ng *pagbabalik-loob* ay “pagbabago” sa anumang bagay. At maliban na ang isang tao’y mamatay sa sarili niya . . . at magsabi, “Panginoon, wala akong nalalaman patungkol dito. Pero hayan nga’t tanggapin Mo po ako.” Amen. Mangyaring ’yun ang gagawin ng Diyos. Kita n’yo?

130 Ngayon, sabi ni Cain, “Nailapag ko nang lahat.” Yun nga’y tinanggihan ng Diyos. Kahit na pinaging kabigha-bighani niya ’yun.

131 At marahil iisipin n’yo, “Buweno, dadalo ako sa gawain ng pagbubukang-liwayway; kailangan ko ng bagong sumbrero.”

132 May isa pong dalagita na aawit sana noon sa pagtitipon ko. At ang sabi niya, “Kapatid na Branham . . .” Ang trabaho ng nanay niya ay labandera lang, para kumita ng kabuhayan. At ’yung dalagita’y parang nagpa-“kulot” pa mismo nung buhok niya, alam n’yo.

133 Ano nga uli 'yun, manikyur? O ano nga uli 'yung tawag n'yo dun, ano nga 'yung inilalagay nila sa buhok ng kababaihan? Ang alam ko lang ay mali 'yun. Di ko lang maisip ang tawag. Wala akong sapat na alam dun. Ano po? [May isa na nagsasabi, "Toni." May isa na nagsasabi, "Hindi. Permanent."—Pat.] Permanent, sa buhok, 'yun nga 'yun.

134 At mangyaring nagpaganoon siya sa kanyang buhok bago siya sasalang para umawit sa koro. At 'yung aba niyang nanay ay naglalabada lang, para kumita ng kabuhayan. Ang dalagita nga'y nagtungo roon at nagpa-permanent, at sabi ko di ko siya papayagang umawit, dahil di siya karapat-dapat na umawit nung ginawa niya 'yun. Tama!

135 Diyos tulungan Mo po kami na panatilihing malinis ang pulpito, ano't anuman. Yan na 'yan ang problema sa sanlibutan ngayon, sa kanilang . . . ? . . . Pakinggan n'yo, kapatid. Ako nga'y naniniwala sa makalumang sasafra na karanasan, dun sa may ibayo sa palumpungan, kung saan bubunutin ang lahat ng ugat ng kapaitan, at tataliptipin ang lupa, ganun nga, itatanim ang binhi.

Ngayon, pansinin n'yo ngayon, si Cain, sa isip-isip niya, "Ang bighani."

136 Iisipin nila, "Buweno, ngayon, ang iglesya namin! Haya't magtatayo kami ng bagong simbahan." Ayos lang naman 'yan. Anumang bagay na may kagandahan, ay ayos lang naman, kung dadalhin n'yong kalakip doon ang Panginoong Jesus. Mangyari ngang kung unahin n'yong dalhin Siya, Siya na ang bahala sa lahat ng iba pa nito.

137 May nagsabi, "Kapatid na Branham, sa tingin mo ba ang dalagitang ito'y puwede namang payagan na pumunta sa altar, na ganito ang itsura?"

138 Sabi ko, "Kapatid, parating na ang tagsibol. Lahat ng mga usbong ng encina rito, bawat isa sa kanila, ay magpapasibol ng siya ring mga dahon na mayroon sila noong huling taglagas. Pero di ibig sabihin ay tayo mismo ang pipitas sa mga dahon, para 'yung bagong mga dahon ay uusbong. Hahayaang mo lang na ang bagong buhay ay sumibol, at 'yung lumang dahon ay malalagas mismo." Ganoon nga. Amen.

139 Pakinggan n'yo. Hayaan n'yong sabihin ko lang ito, rin. Kung 'yung lumang dahon ay di malalagas, ipinapakita lang n'yan na walang dumating na bagong Buhay. Huwag po kayong magalit sa akin ngayon. Si Jesus ang prinoproklama ko rito. Buweno. Ganoon nga. Buweno.

140 Tingnan n'yo nga kung gaanong kalaki 'yun na binayaran ng Makalangit na Ama. Tingnan n'yo kung anong ginawa Niya ngayon.

141 At tumungo na roon si Cain, at nag-alay na siya ng hain. Siya po'y sumamba. Nagtungo siya sa simbahan. Siya'y kasing buti rin nung katabi roon.

142 Ganoon din si Esau. Si Esau, 'yung pagkatao niya, haya't mas mainam pa nga kung ikukumpara kay Jacob, mas higit na maginoo! Mahal niya ang kanyang tatay; at 'yung mga bagay mismo na ginawa niya! Pero ang pinili ng Diyos ay si Jacob.

143 Pansinin ngayon nung si Abel ay tumungo na roon para mag-alay ng hain, buweno, ibang-iba nga nung si Abel na ang pumaroon. Heto nang parating si Abel. Hindi siya nagsumikap, na kumbaga'y hindi siya nagsumikap na hanapin ang pinaka malaking simbahan sa bayan na mapupuntahan. Hindi siya nagsumikap na hanapin ang pinaka mababait na grupo ng mga tao para dun siya makikisama. Amen. Kinuha lang niya 'yung kung anong mayroon na siya at nagtungo roon.

Ganoon lang. Siya'y tagapag-alaga ng tupa. Mangyaring iniunat lang niya ang kanyang kamay at dun kumuha ng tupa, at tinali . . . Sa tingin ko wala pa silang abaka nung araw, kaya baging ng ubas marahil ang kinuha niya at 'yun ang ipinantali sa palibot ng leeg ng tupa.

144 Pero ano nga ang pinatutungkulan nun? Kanilang dinala Siya patungo sa Kalbaryo. Siya yaong Tupa. Sabi, "Bakit sa sabsaban Siya ipinanganak?" Buweno, ang mga tupa kasi'y di sa bahay ipinapanganak. Sa sabsaban sila ipinapanganak. At sila nga'y dinadala . . . kanilang dinala na maipapatay gaya ng isang tupa. At kanilang dinala Siya patungo roon, dinala Siya patungo sa Kalbaryo. Siya ang Cordero ng Diyos, amen, mula pa sa pagkatatag ng sanlibutan. Sa tuwing napagbubulay ko ito, doon. Hayan nga ang munting kordero ni Abel. Hayun naman ang Cordero ng Diyos.

145 Sa tuwing napagbubulay ko ito, ang puso ko nga'y para bang gumugulong nang gumugulong. Kapag napagbubulay ko, na ako, isang aba't, di karapat-dapat, na makasalang walang Diyos, mamamatay na walang Diyos, walang Cristo, sa mundo, walang pag-asa! At sa itinakdang panahon si Cristo'y namatay sa halip na ako, Siya na kalugud-lugod, at pinaging katakuwiltakuwil at di katanggap-tanggap, upang ako'y tanggapin sa Kanyang paningin. Sa halip na ako! Oh! Di nga mawala sa isip ko. Di ko nga maisip kung papaanong nagawa Niya 'yun para sa akin. Sino ba ako? Heto nga, sasabihin n'yo, "Ginawa Niya ba 'yun para sa iyo?" Oo.

146 Dumating ang Espiritu Santo, hinanap ako, isang araw, at ang sabi, "Ginawa Niya ito para sa iyo," at sinampalatayanan ko Siya. Sinampalatayanan ko Siya. Siyanga, po. Tinanggap ko Siya, at nasumpungan ko na totoo pala talaga. Kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng mga tao na, "aba'y mga panatiko lang ang

mga 'yan," o anumang 'yun; sumasampalataya ako sa Diyos. At ako po . . . Haya't ginawa nga Niya ang bagay na sinabi Niya.

<sup>147</sup> Nakikinita ko si munting Abel. Masdan n'yo ngayon. Naku! Nakikinita ko si Abel na tumungo roon at kumuha ng munting baging ng ubas, umabot lamang dun at kumuha ng isang munting lalaking kordero, panganay mula sa kanyang nanay na tupa, itinali ang baging sa leeg nun. Tapos heto na siya, hatak-hatak 'yun. Wala ngang kabighaninan na makikita roon, hindi ba? Hatak-hatak dun. Pagkatapos dinala na niya sa isang malaking bato, inilapag dun sa silangang bahagi ng pintuan. Ngayon pansinin.

<sup>148</sup> Si Cain marahil ay nagpagal nang buong taon, para umani ng pinaka magandang ani na makakaya niya, na sa isip-isip niya sa pamamagitan nun ay malulugod ang Diyos.

<sup>149</sup> At sinasabi-sabi nga ng maraming tao, "Ititigil ko na ang pagsisinungaling ko. Ititigil ko na ang pagnanakaw ko. Ititigil ko na ang paninigarilyo ko. Magbabago na ako't magiging mas mainam na uri na ng tao. Aanib ako sa isang sosyedad."

<sup>150</sup> Naku heto na! Hindi alintana ng Diyos kung kayo man ay babaling na magbubuklat ng bagong pahina. Ang nais Niya'y ibaling n'yo ang puso n'yo tungo kay Cristo, at hayaang Siya ang kumilos mismo sa inyo. Di ito sa kakayahan mo. Di ito sa mabuting gawa kaya tayo'y maliligtas, kundi sa pamamagitan ng Kanyang habag ay tayo'y binili. "Hindi sa anumang gawa, upang ang sinuman ay huwag magmapuri." Mangyaring tayo'y sa—mangyaring tayo'y sa Diyos dahil . . . Hindi ito dahil sa kung sino ako, hindi dahil sa nagagawa ko, sa ganang akin. Ito'y dahil sa bagay na ginawa ni Cristo, sa Diyos, para sa akin at para sa inyo.

<sup>151</sup> Pansinin, magandang tipo. Heto na siya, hatak-hatak ang isang maliit na kordero, hatak-hatak nga ito. Nakikinita ko nga ang munting tupa na pasubsob-subsob pa siguro, marahil alam nito kung anong nalalapit na mangyayari, kaldag-kaldag ang munti niyang mga paa. Ganap na tipo ni Cristo na kaldag-kaldag ang krus, ang Cordero ng Diyos na lumalakad doon sa Jerusalem, nasusubasob, nanghihina.

<sup>152</sup> Heto na 'yung munting tupa, may tunog ng pag-iyak. At nung dalhin na niya 'yung tupa sa malaking bato, inilapag dun sa bato, kumuha ng matalim na pirasong bato . . . Di ko alam, siguro'y wala pa silang kutsilyo nung araw. Inilapag ang tupa roon nang paganoon. Sinunggaban sa likod ng kanyang ulo, at hinila nang *paganito*, kinuha na 'yung kut- . . . o 'yung bato, at sinimulang taga-tagain ang kayang munting leeg, at 'yung bato nga'y unti-unting pumipigtas sa kanyang leeg. Sa ibabaw ng batong 'yun ay namatay ang kordero, duguan, umiyak, ang dugo'y dumanak, 'yung ugat na daluyan ng dugo'y pigtas, ang dugo nga'y kung saan-saan sumaboy. Yung munting puting



lana niya'y namula nang husto dahil sa dugo. Ang Diyos ay tumunghay mula sa Langit, at ang sabi, "Ganyan nga. Ngayon nakuha mo. Yan ang daan." Na 'yung dugo'y tumitilamsik mula sa maliliit niyang ugat.

153 Ano 'yun? Pumapatungkol sa Anak ng Diyos, labing-siyam na raan at ilang taon, sa hapong ito. Dinala Siya mula sa bilanguan. Dinala patungo sa luklukan ng paghatol; at mula roon, patungo sa bulwagan kung saan may paglalatigo; mula roon, patungo sa Golgota, may hila-hila paakyat ng burol. Si Simon, na taga-Cirene, tinulungan Siya na pasanin ang krus. At doon, namatay, sa Bato ng mga Kapanahunan, na ang Dugo Niya'y tumitilamsik mula sa Kanya. Puno ng bugbog ang buo Niyang katawan. Hallelujah! Haya't naglalakihang mga dura na galing sa mga nanlilibak na mga sundalo ang tumilamsik sa Kanyang mukha. At sabi Niya, "Kung ang Aking Kaharian ay sa mundong ito, hihilingin Ko sa Aking Ama, na bigyan Ako ng hukbo ng mga Anghel na paririto at makikibaka para sa Akin. Pero hindi rito ang Aking Kaharian.

154 "Bagkus darating ang Kaharian Mo. Gagawin ang Iyong kalooban." At darating na ito'y di na magtatagal. "Darating ang Kaharian Mo. Gagawin ang Iyong kalooban." Oh, grabe!

155 Haya't sinabi ni Billy Sunday, isang beses, na, "Sa bawat punongkahoy roon ay may Anghel," sabi, "Pakilusin ang iyong kamay at ituro ng iyong daliri, 'yun lang ang gagawin mo. Resolbahin natin ang problemang ito rito." Grabe, kung hindi ba naman 'yan mismo ang katotohanan!

156 Tumingin si Caifas, at sabi, "Iniligtas Niya ang iba; ang Kanyang Sarili'y di Niya mailigtas." Yun ang pinaka dakilang papuri na iniukol sa Kanya. Dahil kung Kanyang iniligtas ang Sarili Niya, hindi Niya maililigtas ang iba. Kaya ibinigay Niya ang Kanyang buhay, nang sa gayon ay maligtas Niya ang iba. Hallelujah! Amen.

157 "Tayong lahat ay gaya ng mga tupa na naliligaw; ipinasan sa Kanya ng Diyos ang kasamaan nating lahat. Dinala Siya sa katayan na gaya ng isang tupa; at dinala gaya ng isang tupa, na walang imik, sa harapan ng mga manggugupit, na hindi Niya ibinuka ang bibig Niya. Haya't Siya'y sinugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, binugbog dahil sa ating kasamaan; ang parusa tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kanya; at sa mga latay Niya ay tayo'y gumaling." Papaano n'yo matatanggihan ang ganyang pag-ibig na walang kapantay? Ang makita Siya habang Siya'y napapasurey sa pag-akyat sa gilid ng burol; ang aba't, munti't, mahinang, marupok na katawa'y nababaluktot sa bigat ng pasan!

158 Binubulay ko 'yung makata na naupo roon nung araw na 'yun, nakinita niya 'yun, at sinulat niya.

Mga bato'y nahati't nagdilim ang mga langit,  
 Tagapagligtas ko'y ulo Niya'y inilaylay at  
 namatay;  
 Ang tabing na nabuksan ipinakita nito ang  
 daan  
 Patungo sa kagalakan ng Kalangitan at araw  
 na wala na ngang kawakasan.

<sup>159</sup> Kamangha-manghang Tagapagligtas! Oh, grabe! Papaano pa nga natin, papaano ko magagawa, na tanggihan ang ganyan mismong pag-ibig na walang kapantay, na tanggihan ang Isa na Siyang gumawa n'yan para sa akin at sa inyo?

<sup>160</sup> Tiwala ako, sa gabing ito, kapatid kong lalaki, kapatid na babae, na dudulog kayo. Ang Diyos, 'yun nga ang inilaang daan ng Diyos. Yun ang daan para sa inyo. Yun lang ang tanging Isa na Siyang may gawa ng lahat para sa inyo. Yun ang tanging Isa na humalili sa inyong lugar. Yun ang tanging Isa na nakatayo sa gabing ito, isang nagbangon na mag-uling Manunubos, na nakatayo sa kanan ng Ama, sa gabing ito; na nakikita kayo na kumakausap at nananawagan na ang bawat makasalanan sa gusaling ito, ay lumapit sa Kanya. Tiwala po ako na gagawin n'yo. Tiwala ako na di n'yo palalampasin itong—itong Pasko ng Pagkabuhay na ito.

<sup>161</sup> Minamahal na mga kaibigan, nasa dulo na tayo ng daan. Ako po'y naniniwala na sumapit na tayo, nang buong puso ko. Naroon na tayo mismo sa dulo ng daan. Nawa'y pagpalain kayo ng Panginoong Jesus. Nawa'y gawin Niya kayong bagong nilalang sa Kanya, sa gabing ito, 'yan po ang panalangin ko. Nawa'y pangunahan Niya kayo. Isang beses sa . . .

<sup>162</sup> May isang matandang bulag sa Biblia, na ang pangalan ay—ay Bartimeo. Ang matandang bulag na Bartimeo, siya po'y may dalawang kalapati, 'yan ang sinasaysay sa atin ng kasaysayan. Ito ngang dalawang kalapati na ito'y itinatanghal niya roon at sila'y pasirko-sirko sa isa't isa, at hawak-hawak nung mga—mga tao 'yung kanilang. . . O hawak-hawak niya 'yung lalagyan niya ng limos, at kapag 'yung mga—mga tao'y mapapadaan, papanoorin nila 'yung mumunting mga ibong kalapati na pasirko-sirko, at maghuhulog sila ng mga barya para dun sa matandang bulag na pulubi. Siya'y may asawa at may maliit na anak na babae. Di pa niya kailanman nakikita ang kanyang maliit na anak na babae, sa buong buhay niya. Yung bata'y labingdalawa, labing-apat na taong gulang, nung panahon na 'yun na papasok tayo sa buhay niya ngayon. At ang lalaki'y nakaupo roon. . .

<sup>163</sup> Isang gabi, sabi sa kuwento'y nagkasakit ang maliit niyang anak na babae, at siya'y dumulog sa Panginoon. At sabi niya, "Panginoon, kung Iyo pong pagagalangin ang aking munting anak na babae, ihahandog ko po ang dalawa kong kalapati sa

Iyo, bukas.” Kaya sila . . . Haya’t pinagaling ng Panginoon ang munti niyang anak na babae, at inihandog niya ’yung dalawang kalapati. Matapos ang ilang sandali, ’yung kanyang . . .

<sup>164</sup> At biglaan na lang, ’yung minamahal niyang asawa naman ang nagkasakit, at iniisip nung asawang babae na siya’y . . . Sa tingin nila mamamatay na siya. Kaya ’yung lalaki’y dumulog sa Panginoon, nung gabi, pakapa-kapa sa dinaraanang niyang gilid ng pader ng kanyang bahay. Napatirapa siya sa lupa, at sabi, “Diyos, Diyos, kung kaaawaan Mo lang po ang buhay ng aking asawa, bukas ay ihahandog ko ang aking tupa para sa Iyo.”

<sup>165</sup> Ngayon, may nakikita kayong mga bulag na inaalalayan ng aso sa panahon ngayon. Sinasanay nila ang mga aso na ’yun para umalalay sa mga bulag. Pero nung panahon kasi noon, ang sinasanay nila ay ’yung mga tupa para umalalay sa mga tao, at kaya ’yung lalaki ay may—may—may tupa na umaala-alalay sa kanya sa kung saan-saan.

<sup>166</sup> At sabi niya, “Panginoon, kung pagagalingin Mo po lamang ang aking asawa, buweno, kung ganoon, bukas ay ihahandog ko po ang aking tupa para sa Iyo.” At pagkatapos ’yung asawa niya’y gumaling.

<sup>167</sup> Kaya nung sumunod na araw siya’y paparoon sa templo, at sabi nung punong saserdote, na si Caifas, na tumayo roon at nagsabi, “Bulag na Bartimeo, saan ang punta mo?”

<sup>168</sup> Sabi nung lalaki, “Papunta po ako sa templo, Oh punong saserdote, para ihandog ang aking tupa. Yun ang ipinangako ko kasi sa Panginoon, kung pagagalingin Niya ang aking asawa, na ibibigay ko ang tupa ko.”

<sup>169</sup> Sabi nung saserdote, “Hindi mo puwedeng ibigay ’yang tupa na ’yan, Bartimeo, dahil ’yan ang mga mata mo.” Sabi, “Sige’t bibigyan na lamang kita ng pera, at bumili ka para sa sarili mo ng tupa mula sa mga nagtitinda rito sa templo.”

<sup>170</sup> Pero sabi ni Bartimeo, “Oh punong saserdote, hindi lang kasi basta tupa ang ipinangako ko sa Diyos; ang ipinangako ko po sa Kanya ay ang tupang *ito* mismo.” Oh, grabe!

<sup>171</sup> Iniisip ko nga kung nakapagbibitiw na kayo ng pangakong katulad nun. Kung nakita n’yo na ang buong-kasapatan na Cordero sa gaging ito, na binubulay n’yo, “Panginoon, kung Iyo lamang pagagalingin ako, ipinapangako ko na paglilingkuran Kita; gagawin ko ang lahat ng makakaya ko. Kung itutulot Mo po na ang sanggol ko’y mabuhay. . .” O, kung sa pagtayo n’yo at ang nanay n’yo ay unti-unting ibinababa sa libingan, o ang inyong tatay o inyong mahal sa buhay, “Oh Diyos, ipinangako kong makikita ko sila muli, makikita ko sila muli!” Iniisip ko kung taos-puso ’yan. Iniisip ko na ang Pasko ng Pagkabuhay na ito ay baka dumating lang at lumipas na di n’yo tinutupad ang ipinangako n’yo.

172 Haya't nagtungo na ang lalaki't inialay na ang kanyang tupa. Bumalik, may tao na para alalayan siya.

173 Kaya sabi nung saserdote, nung bumalik na 'yung bulag, sabi, "Bartimeo, di mo dapat ginawa 'yun." Yung saserdote na tumanggap nung tupa niya, sabi nito, "Di mo puwedeng ialay ito. Di mo puwedeng ihandog ang tupa na ito." Sabi, "Bulag na Bartimeo, hindi mo ba nalalaman na ang tupa na ito ay ang mata mo nga mismo?"

174 Sabi niya, "Opo, nalalaman ko. Pero nangako ako sa Diyos, at ang Diyos ay maglalaan ng isang tupa para sa mga bulag na mata ni Bartimeo."

175 Di nagtagal matapos 'yun, siya nga'y nanginginig sa lamig, isang araw; may narinig silang pagkaka-ingay. Ang Diyos ay naglaan ng Cordero para sa mga bulag na mata ni Bartimeo. Naglalakad Ito sa kalsada. Sabi ng bulag, "Ano 'yung pagkaka-ingay na 'yun?" Kadalasan kasing may pagkaka-ingay kung saan man Ito nagtungo. Sabi, "Ano 'yung pagkaka-ingay na 'yun?"

May nagsabi, "Isang, Jesus na taga-Nazaret, na napadaan lang."

176 Inihagis nung bulag ang kanyang balabal, di alintana kung saan ba 'yun napahagis; hindi na niya 'yun inalala. Ang Diyos ay naglaan ng isang Cordero. Yung bulag na lalaki'y nakalapit mismo sa Cordero. Sabi niya, "Oh Jesus, Ikaw na anak ni David, mahabag Ka! Mahabag Ka!"

177 Yung mayayamang tao at 'yung mga nakatayo sa paligid, para makalapit dun sa propeta, dun sa hari; sabi nito, "Oh, manahimik ka, di ka naman Niya maririnig."

Aba'y napalakas pa ang kanyang pagdaing.

178 Sabi tuloy ng ilan doon, "Tapos na ang mga araw ng mga himala. Wala nang ganoon na gaya sa panahon noon."

179 Kaya mas nilakasan pa niya ang daing, "Ikaw na anak ni David, mahabag Ka sa akin! Mahabag Ka sa akin." Ang Diyos ay naglaan ng Cordero.

180 Yung mismong Cordero na 'yun na Siyang naglaan para sa bulag na mga mata ni Bartimeo, Siya'y naglaan din para sa inyo; labingsiyam na raan at ilang taon na, ngayon, habang umaakyat Siya patungong Golgota, sa ibayo, haya't inialay ang Kanyang Sarili, na nabugbog nang husto't ginutaytay din.

181 Pakinggan n'yo, kaibigan. Alalahanin, nagtungo si Abel sa kanyang kawan at kumuha ng kordero, at pinatay 'yun sa ibabaw mismo ng bato ng pag-aalay. At. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . tiyakin n'yong makukuha n'yo ito ngayon. Si Abel nga'y namatay din sa siya ring bato na 'yun kung saan ang kanyang kordero ay namatay.

182 May pagnanais ba kayo, sa gabing ito, na mamatay sa inyong sarili? May pagnanais ba kayo na mamatay mula sa lahat ng inyong kaisipang pansarili? Ilapag lamang sa ibabaw ng bato, kasama ang iyong Cordero roon, at mamatay. Sabihin, “Oh Diyos, mahabag Ka.” Kapag naiisip ko ang mga lalaki’t babae na ang isip ay panay kapalaluhan, kabataang lalaki’t kabataang babae na itataya ang buhay para sa kung anu-anong bagay! At maski mga kalalakihan na husto sa edad, ay ganun din, na ang isip ay panay trabaho nila at sariling karangalan at kung ano ba sila sa pamayanan, o mga bagay na gaya nun!

183 Oh, bakit di n’yo bagtasin ang Kalbaryo, ngayong gabi? Hallelujah! Itulot n’yo na ang sarili n’yo mismong buhay ang magutaytay, at mamatay sa krus kasama Siya. Iyakap n’yo ang inyong mga bisig sa palibot ng “Bato ng mga Kapanahunan, na dahil sa aki’y tinapyasan, itulot nawang ikubli ko ang aking sarili sa Iyo. Habang papalapit, ang mga matatandang tubig ay dumadaluyong, habang ang mga alon ay matatayog, ikubli Mo ako, oh, Tagapagligtas ko, ikubli Mo ako. Bahala na ang mundo kung anong gustong gawin nila. Bahala na ang mga teologo kung anong gustong gawin nila; di ko nais ang teolohiya nila. Ang nais ko ay si Jesus Cristo sa puso ko. Iyong itulot na ako’y mamatay kasama ng Cordero.”

184 Oh, batid ko nga kung gaanong kahirap ’yung gabing ’yun noon nung pumasok ako sa munting makalumang pagmimisyon ng mga itim sa isang dako roon, at ang mga puti ay nakatayo sa palibot, nagsasabi, “Hayun nga siya’t pumasok siya roon sa pagmimisyon ng mga itim.” Mahirap po. Pumasok nga ako roon kimkim-kimkim ko ang lahat ng ipinagmamalaki ko bilang isa mismong taga-Kentucky, gaya nun, pero ang sabi ng Diyos, “Kung asam mo Ito, lumakad ka papasok doon.” At lumakad po ako papasok at lumuhod mismo sa isang altar, at doon ay nanatili ako hanggang sa ang Cordero . . . Namatay po ako sa lumang ako, Bill Branham, dalawampung taon ang nakararaan. Hallelujah!

185 “Ipinako ako kasama ni Cristo. Gayong nabubuhay ako; hindi sa ganang sarili ko, kundi si Cristo na ang nabubuhay sa akin.” Balang araw sa maluwalhating pagkabuhay na mag-uli, sa pagdating Niya, marahil ang katawan ko’y nakahimlay sa ilalim ng damuhan sa kung saang dako. Pero kapag nangyari na ’yan, makikita n’yo ang damo na napapalis at lalantad ako, sa Kanyang dakila’t maluwalhating larawan, sa tabi ng marami pa sa kanila, hallelujah, sapagkat napagkilala ko mismo Siya sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli.

186 Nagtitiwala ako na ’yan ang gagawin ng bawat isa sa inyo, sa gabing ito, na unti-unting dumulog patungong Golgota sa ibayo, sa gabing ito. Tayo po’y maglakbay lamang nang kaunti ngayon.

187 Habang, sige't ibigay mo sa amin ang tipa, kung maaari, kapatid na babae, ng *Nearer, My God, To Thee*. Habang tayo po'y . . .

188 Sasabihin n'yo, "Di ba't para sa paglilibing 'yan." Buweno, kapatid, kung may panahon nga na kinakailangan natin ng isang paglilibing, ito na 'yun mismo, na ang mga tao'y dapat na mamatay sa kani-kanilang sarili at pagkapalalo.

189 Sige po't iyuko na natin ang ating mga ulo, nang taimtim ngayon, habang titipaan tayo ng kapatid na babae, kung ayos lang po.

190 Oh Diyos, oh, kapag nabubulay ko ang nangyari sa dakong 'yun sa ibayo! Uh! Maging mga buto ko'y nangangatog, na mabulay 'yun! Sa pagbubulay ko'y nakikinita ko ang Cordero na 'yun, nung gutaytayin nila Siya, oo, pinatungan ng tinik ang Kanyang ulo't idiniin pa nang husto. Dinuraan ng mga sundalo ang Kanyang mukha, at ang sabi, "Ikaw Hari, magpangyari Ka naman ng kung anong bagay ngayon."

191 Siya'y Propeta ng mga propeta. Tinalukbungan nila ng trapo ang Kanyang mukha, at hinampas Siya sa Kanyang ulo, gamit ang panghambalos, ang sabi, "Ngayon magpropesiya Ka, sabihin Mo sa amin kung sinong humampas sa Iyo."

192 Pero sabi ng propeta, "Hindi Niya ibinuka ang Kanyang bibig." Yun nga ang ginawa Niya.

193 Tinalian Siya sa kamay, sa likuran Niya. Pinatayo, tapos gamit ang isang kagimbal-gimbal na latigo, haya't hinagupit Siya hanggang sa ang Kanyang pinaka iingatang mga tadyang ay malantad sa likuran Niya; may Dugong umaagos sa tagiliran Niya, tumutulo sa lupa. Nauulinigan ko ang paglakad Niya; dun sa mismong panyapak Niya ay naririnig ko 'yung tunog ng naapakang dugo. Hayun nga si Emmanuel. Hayun ang Diyos, ang Dugo ng Diyos.

194 At nakinita ko na ikinarga na nila, ipinatong ang krus sa Kanyang likod; yaong lumang nakakasaludsod, na pahirap, na magas pang na krus. At hayun nga Siya, pasan-pasan sa likod na 'yun na tadtad ng sugat, sa tugaygay ng kalsada'y lumakad Siya. Yung pumapalahaw na madla, nagtatawanan, ginagawa Siyang katatawanan, "Yan ang napapala ng Propetang 'yan. Yan ang napapala ng dakila raw na Jesus na 'yan. Yan ang napapala ng Makalangit daw na Tagapagpagaling na 'yan."

Pero Siya'y ang Panginoon ko! Oh Diyos, ako po'y . . . Itulot Mo na umakyat ako roon kasama Siya.

195 Hayun nga Siya, na paakyat na nung burol. Nakikinita ko 'yung mga kabataang, babae na di nadadamitan nang maayos, na tumatakbo, nanlilibak. Yung mga kasintahan nilang lalaki, magkayakap dun, habang paakyat ng burol. Kapatid na Ward, wala ngang pinag-iba sa panahon ngayon.

<sup>196</sup> Nakikita ko 'yung maalwal na mga miyembro ng iglesia, sinasabi, "Tingnan n'yo, 'yan 'yung Lalaki na wawasak daw ng ating iglesia; na nangaral laban sa ating pastor. Tingnan n'yo kung anong napala Niya ngayon!" Pero sinabi na ng propeta na dapat magkaganoon. Siya ang Cordero ng Diyos.

<sup>197</sup> Nakikinita ko Siya habang ibinabaling Niya ang Kanyang ulo, at may layaw na tumutulo sa Kanyang balbas. Itinunghay paitaas ang Kanyang mga mata sa direksyon ng Langit; may pagdaing, at umusad nang kaunti.

<sup>198</sup> Panginoon, sa pamamagitan ng pananampalataya, ako po'y nagnanais na makalakad ngayon kasama Siya. Gusto kong tapikin Siya sa likod, sabihin, "Panginoon, tatayo mismo ako rito. Sabihin Mo lang sa akin kung anong gagawin, gagawin ko. Ganoon na lamang ang paghanga ko sa Iyo, Panginoon!"

<sup>199</sup> Doon sa ibayo ng burol, nung ilapat na nila Siya, iniunat ang Kanyang kalugud-lugod na mga kamay. Mga kamay mismo na tinagalan ang lagnat; mga kamay na nagsabi . . . sa anak na lalaki ng mahirap na babaing balo, noong hipuin ang noo ng bata, o 'yung kabaong kung saan nakaratay 'yung bata; ang bata nga'y bumalik sa buhay.

<sup>200</sup> Yaong Isa na 'yun Na tumawag kay Dorcas na mabuhay muli. Yaong Isa na 'yun Na tumawag sa anak na babae ni Jairo na mabuhay muli. Yaong Isa na 'yun Na nagsabi, "Lazaro, lumabas ka." Ang mga labi niyaon ay nagdurugo na, natutuyo, may paghibik.

<sup>201</sup> Nung ang naglalakiha't walang patawad na mga pako ay ibinaon sa Kanyang mga kamay at Kanyang mga paa! "Binutas nila ang Aking mga kamay at Aking mga paa," sabi ng propeta, pitong daang taon bago 'yun nangyari. Ano 'yun? Yun ang Cordero ni Abel. Hayun nga't pinasubsob nila Siya sa lupa, at nahapak ang laman. Nangatal ang aba Niyang katawan.

Sabi, "Nauuhaw Ako." Binigyan nila Siya ng suka.

<sup>202</sup> Sila'y nagtawa at nanlibak, at pinagtawanan Siya, sabi, "Ikaw na dakilang tagapaggawa ng himala, aba'y gumawa Ka na ng kung ano ngayon."

<sup>203</sup> Hayan nga't ang himpapawid ay dumilim, nagsimulang kumislap ang kidlat. Ibinabaling ng Diyos palayo ang Kanyang mukha; hindi na Niya 'yun maatim. Oh Diyos, ganun na lamang kalupit ang kasalanan! Grabeng kalupit, grabeng kalupit, na ibinunsod ang Isa na kalugud-lugod na gawin 'yun. Ganoon na lamang kalaki ang halaga na kinailangan Niyang bayaran na ang Diyos Mismo'y binaling palayo ang Kanyang mukha. Ang mga anghel man ay nagtakip ng mga mukha at tumalikod, para tumangis para sa Kanya. Ang buwan at ang mga bituwin ay di na nila kayang maatim. Di na nila kayang magliwanag pa. Ang mismong Diyos na lumikha sa kanila ay naghihingalo sa krus. Tapos Kanyang itinungo na ang Kanyang ulo.

204 Bago Siya tumungo, tumunghay Siya roon sa mga tao na pinagpupustahan ang Kanyang damit, tinupad ang sinabi ng propeta. Sabi, “Ama, patawarin Mo sila; di nila nalalaman ang kanilang ginagawa.” Ganap na dahil sa pag-ibig, ang Cordero ni Adan, ang inilaang Cordero ng Diyos, na pinatay mula pa ng itatag ang sanlibutan. Doon ay namatay Siya, walang karamay, haya’t pinabayaan Mismo ng Diyos. Ang Diyos, haya’t, maski, ng Kanyang Sariling Ama, ay pinabayaan Siya; duguan.

205 Pero, tayo nga’y nagagawa pa nating tumawa, magsaya, na animo’y walang nangyari.

206 Oh Diyos, ’yun ngang Dugo na ’yun! Doon nga sa ospital noon, nung sabihin ng doktor “mamamatay na siya,” ang Dugo na ’yun ang nagpagaling sa akin. Haya’t isang munting abang makasalanang binata na paroo’t parito, yaong Dugo na ’yun ang nagpatawad sa aking mga pagkakasala. Ang Dugo na ’yun ang kumuha mismo . . . ang nag-alis sa akin mula sa masamang dako na ’yun na kinabubuhayan ko, at inayos ako at ginawa akong Iyong anak. Oh, . . . ? . . . at naghihingalong Cordero, sa mayaman Mong Dugo! Panatilihin Mo ako na malapit sa krus, Panginoon.

207 Yun ang aking pangitain. Yun ang naroon sa ibayo, pag-ibig, ang buong dakilang puso ng Diyos na kumikilos doon. At ang lahat ng lumalapit sa Kanya ay di tatanggihan. Lahat sila’y tatanggapin mismo ang walang hanggang Buhay. “Sinumang lumalapit sa Akin ay sa anumang paraan ay di Ko itataboy.”

208 Diyos, nawa’y ang bawat indibiduwal dito sa kanilang pag-uwi, sa gabing ito, ay tumimo ito sa kanilang isipan, binubulay, “Grabeng Sakripisyo! Anong laking kabayaran para magtubos? Anong laking kabayaran ang ibinayad ng Diyos?” Wala tayong ibinayad na anuman. Pero ang naging kapalit nun sa Diyos ay ang Kanyang Anak. Malaking halaga ang naging kabayaran ng Diyos. Kanyang buhay mismo ang naging kabayaran ni Cristo. Siya ang Rosa ng Saron; haya’t para makuha ang pabango mula sa isang rosa, kinakailangan mo nga itong dikdikin. Ang kalugud-lugod Niyang buhay ay dinikdik, kabataang Lalaki na tatlumpu’t tatlo at kalahating taon lang ang edad, nang sa gayon tayo ay mabuhay.

209 Ang mapalapit, aking Diyos, sa Iyo! Manatili Ka lamang po nang malapit sa akin, Panginoon. Manatili Ka lamang po na malapit sa akin. At sa pagsapit ko sa dulo ng tahaking ito, na ang buhay ko’y papatapos na, Panginoon; nawa’y Siya, na Siya mismong namatay roon, ay makadakong malapit sa akin sa oras na ’yun. Nawa’y ganoon din ang ipangyari sa iba pa na narito.

210 Bukas, Panginoon, o sa araw pagkatapos ng bukas, kami nga’y maglilibing ng isang munting binibini na dati’y naupo rito sa iglesyang ito minsan, na nakinig sa pangangaral. Alam Mo po ang lahat ng tungkol sa kanya. Kung siya nga’y lumapit, siya’y ligtas. Kung hindi, siya’y mapapahamak.



211 Oh Diyos, mahabag Ka. Nawa'y ang bawat lalaki at babae, sa kanilang pag-alis mula sa gusaling ito ngayong gabi, sa pag-uwi nila sa kani-kanilang mga tahanan; ay humayo, na seryoso mismong bubulayin, "Wala akong aasahan sa sarili kong mga bisig; ako'y sadyang manghahawakan lamang sa Iyong krus." At nawa'y ang bawat isa'y ibunsod na mamatay sa krus na 'yun.

212 Panginoon, habang ako'y nasa pulpitong ito sa gabing ito, sa munting lumang konkretong istruktura, inihahandog ko ang aking buhay sa Iyo. Pinasasalamatang Kita sa bagay na ginawa Mo sa akin. At inihahandog ko nang panibago ang aking sarili, sa Iyo sa gabing ito ng paggugunita sa pagpapako sa krus. Iyo pong tanggapin ako, Panginoon. Iyo pong patawarin ako, sa lahat ng aking mga pagkakamali at mga suliranin. Iyo pong palakasin ako at gawing mabisa, Panginoon, sa Espiritu ng Diyos, nang sa gayon makapagwagi po ako ng mga kaluluwa sa Iyo.

213 At pagpalain Mo po ang kongregasyong ito, sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan. Iyong patawarin ang bawat makasalanang. Ipanumbalik muli ang bawat isa na tumalikod sa pananampalataya.

214 Habang nakayuko ang ating mga ulo, at bawat lalaki at babae na makasalanang ay narito mismo ngayon, kabataang mga lalaki't kabataang mga babae, lahat po kayo. Sa inyo nga na mga kabataan diyan sa likod, nakapagsalita nga ako nang masakit sa inyo, nung isang gabi. Di ko gustong gawin 'yun. Pagpalain ng Diyos ang inyong mga puso. Marahil naisip n'yo na masyado namang magaspang si Kapatid na Branham, pero iniibig ko—iniibig ko kayo. Naranasang ko kung saan nga kayo nagsisimula ngayon. Alam ko kung ano 'yun; kaya 'yan ang dahilan na nasabi ko 'yun, para makita kung talaga bang iibigin n'yo ang ating Panginoon. Ipanalangin n'yo ako, inyo ngang ipanalangin na ito ang magiging oras ng paghahandog ko. Ilan sa inyo na mga nanay at mga tatay, mga matatanda, gawin n'yo ngang ang oras na ito'y maging oras ng inyong paghahandog, itong mismong oras na ito ngayon, sige po't magagawa n'yo ba? Tanggapin n'yo Siya sa inyong puso. Sampalatayanan n'yo Siya nang buong kaluluwa n'yo.

215 Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo, mayroon po ba riyang na nagnanais na maalaala sa pananalangin? Kung mayroon, sige't itaas n'yo lang ang inyong kamay, sabihin, "Kapatid na Branham, alalahanin mo ako. Ninanais ko na maging mas malapit pa sa Diyos." Buweno, dose-dosenang mga kamay ang nagsipagtaas.

216 Ama, alalahanin Mo po silang lahat. Dalangin ko na Iyo po itong ipagkakaloob; na magkamit sila ng kapayapaan. Habang ang mga luha ay unti-unting gumuguhit sa kanilang mga pisngi at tumutulo rito, kasabay ko, sa pulpito. Ang ilan sa kanila ay may mga panyo. Ang ilan sa kanila, matipuno, na malalaki ang

pangangatawan, na mga sanay sa hirap na mga kalalakihan, na nakaupo sa aking harapan, na ang mga luha ay gumuguhit sa kanilang mga mukha sa kanilang kulubot na mga pisngi. Iyong tanggapin kami nawa, Panginoon. Patawarin ang bawat isa sa amin sa Makalangit na Presensyang ito. Minamahal na Diyos, sa gabing ito, Iyo pong patawarin kami, Panginoon, bata man at matanda. Nawa'y maligtas kami sa Araw na 'yun, at madala sa Iyong Kaharian, sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.

<sup>217</sup> Ngayon maaari po kayong tumayo, nang marahan. Sige po't panatilihin n'yo lang na nakayuko ang inyong mga ulo ngayon. Nang marahan po:


Nearer, my God, to Thee, nearer to Thee;  
Even though it be a cross that raiseth me;  
Still all my song shall be . . .

<sup>218</sup> [Taimtim na ipinapanalangin ni Kapatid na Branham ang mga tao—Pat.] . . .? . . . “Diyos, Aking Diyos, Aking Diyos, bakit Mo Ako pinabayaan?” Dumating Ka po, Panginoon, pagpalain ang mga pusong ito. [Patuloy na nananalangin si Kapatid na Branham kasama ang mga tao.] . . .? . . .

<sup>219</sup> Maaari po ba, maging mapitagan lang, walang makikipag-usap sa isa't isa, sa anumang paraan, walang iimik, habang lumalabas ng gusali, nang tahimik ngayon, at umuwi sa inyong mga tahanan. Bumaling lang at umuwi sa inyong tahanan ngayon. Sige't nang di umiimik, bumaling lang at lumabas. Ang Diyos ay mapasa inyo.

<sup>220</sup> [Huminto si Kapatid na Branham habang sinisimulan ng kongregasyon na lumabas ng gusali nang tahimik, habang ang organista at ang piyanista ay patuloy na tumutugtog ng *Nearer, My God, To Thee*—Pat.] . . .? . . .

<sup>221</sup> “Kaming lahat ay gaya ng mga tupa na naliligaw; ipinasan sa Kanya ng Panginoon ang kasamaan naming lahat. Yamang Siya'y sinugatan dahil sa aming mga pagsalangsang, Siya'y binugbog dahil sa aming kasamaan; ang parusa tungkol sa aming kapayapaan ay nasa Kanya.” . . .? . . . “Gayon ma'y ipinalagay namin Siya na hinampas, sinaktan, dinalamhati. . .? . . .”

<sup>222</sup> [Patuloy na mataimtim na nananalangin si Kapatid na Branham para sa mga tao, habang ang organista at ang piyanista ay patuloy na tumutugtog ng *Nearer, My God, To Thee*—Pat.] 

*ANG KALUPITAN NG KASALANAN, AT ANG MULTA NA DAPAT BAYARAN  
PARA IWAGLIT ANG KASALANAN MULA SA ATING MGA BUHAY TAG53-0403*  
(The Cruelty Of Sin, And The Penalty That It Cost To Rid Sin From Our Lives)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Biyernes Santo ng gabi, Abril 3, 1953 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)